


ANG PISTA NG MGA TRUMPETA

 Iyuko natin ang ating mga ulo. Panginoon, minsan ay sinabi, ng Iyong mga mahal na alagad, “Turuan Mo kaming manalangin.” Dahil kapag nasisilayan namin ang dakilang Diyos ng Kalangitan, napapagtanto namin kung gaano ang kakapusan namin. Kaya turuan Mo kaming manalangin, Panginoon, sa aming mga puso ngayon, para sa mga bagay na—na magiging kapaki-pakinabang sa Iyong Kaharian at para sa Iyong mga lingkod. Lalalaman Mo ang pangangailangan ng bawat taong naririto.

² At naririto sa ibabaw ng mesa, sa umagang ito, ang mga panyo at mga panapi, at mga mumunting pakete na mula sa mga nangangailangan ng pisikal na tulong, at pantahanan, at maging anuman ito. Ngunit Ikaw ang Diyos, at ang tanging Diyos, ang nag-iisang totoong Diyos na naroon. At hinihiling namin sa Iyo sa Pangalan ni Jesus, na Iyong sinisintang Anak, na Iyong pagagalingin ang bawat isa sa mga ito. At marahil ay may ilan sa mga naririto na walang panyo, o pakete man, na nangangailangan ng kagalingan.

³ Marahil ay may ilang nasa mga bansa, sa buong daigdig, na kahit sa pamamagitan ng teyp na ito ay magtitipon sa kanilang mga tahanan o sa kanilang mga simbahan. Dumadalangin kami, Panginoon, na habang ang gawain ay nagpapatuloy, sa—sa . . . o kaya’y ang teyp ay pinakikinggan, o maging anuman ang aming kinalalagyan, o—o kalagayan, kilalanin nawa ng dakilang Diyos ng Kalangitan ang katapatang ito ng aming mga puso sa umagang ito, at pagalingin ang mga nangangailangan, ipagkaloob Mo sa kanila kung ano man ang kanilang pangangailangan.

⁴ Pagpalain Mo kami ngayon sa nalalapit na gawain. Mangusap Ka sa pamamagitan namin, ng higit pa sa mga naunang gawain, para sa kapakanan ng Kaharian ng Diyos. Kami ay naghihintay, sa Pangalan ni Jesus, sa Iyong kasagutan. Amen.

⁵ Maaari mo ba akong tulungan dito? [Inalis ni Kapatid na Branham ang mga bagay mula sa pulpito—Ed.]

⁶ Mabuti ang muling maparito sa simbahan sa umagang ito. At katatapos ko pa lamang makipag-usap sa ilang mga kaibigan na kararating pa lamang mula sa Ohio, sa isang munting batang babae, na dinala rito ilang buwan na ang nakakaraan, na nasa bingit ng kamatayan dahil sa leukemia. Ang mga taong ito ay totoong mahihirap, ang mga magulang. At wala akong panahon sa umagang ito upang basahin ang— ang patotoo na maibibilang sa salansan. Subalit naririyang ang larawan ng munting batang

babae pagkatapos ng tatlong araw, sa paniwala ko iyon nga, matapos siyang maipanalangin. Tinaningan siya ng mga duktor ng tatlong araw lamang upang mabuhay, at pagkatapos ng tatlong araw ay hindi na sila makakita ng kahit bakas man lang nito. At kaya siya ay nag-aaral na, masayang-masaya. Natitiyak kong naaalala ng iglesiang ito nang makasama natin siya rito sa silid.

⁷ At gayon din ang munting sanggol na ipinanganak na ang mga bituka, ay tila, nakalabas. Mangyari pa na ang mga duktor, at ang abang kalagayang ito ng pagkakaayos ng bituka, ay hindi ito maibalik sa dati. Natatakot silang galawin ang munting bagay na iyon, iyo'y isang kapapanganak pa lamang na sanggol. At ngayon, ang munting batang ito ay mag-iisang taong gulang na, sa aking palagay, mga ganoon, normal na ang bituka, ang lahat ay normal na normal na. Ito'y biyaya lang ng Diyos, ganiyan Siya kabuti sa atin.

⁸ Ngayon, sa araw na ito, nais kong ipaalam na ang binabalak naming pagtitipon, binabalak kong pumunta dito sa susunod na linggo sa—sa Aprika, doon kasama si Kapatid na Joseph Boze, sa Kenya at Tanganyika. Hindi namin maitutuloy ang pagtitipon, dahil sa isang telegramang nanggaling kay Kapatid na Boze na nagsasabing, “Noong nakaraang Linggo tatlo sa ating mga misyonero ang pinatay, at pinaslang.”

⁹ At may nagaganap sa kanilang pag-aaklas ngayon doon. At ang mga komunista ay nagpupuslit ng mga baril sa mga katutubo, inaangkin nilang sila ay may mga lumilibot na mga bangkang pangawil na nakapalibot sa paligid, ang Pulang Tsina at ang Rusya; at sila ay naghahatid ng mga baril sa mga katutubo, at hindi nila alam ang mas mabuting paggamit ng mga ito kaysa ginagamit na lang nila sa anumang makita nilang mapaggagamitan nito. Kaya, ang—ang—ang pamahalaan doon ay nag-isip na hindi magiging matalinong idaos ang pagtitipon sa panahong ito. At katulad ng aking nauunawaan, din, na si Kapatid na Boze ay hindi man lang makapagbukas ng kaniyang paaralan sa lugar na ito, kung saan ako ay magtutungo, sa pagkakataong ito. Subalit ito'y hindi kanselado, ito'y pinagpaliban lang hanggang sa kanilang mapayapa itong muli.

¹⁰ Lubos akong nagagalak na makita sa umagang ito, sa kalagitnaan nating muli, sa maraming taon ng pagkawalay, sina Kapatid na Jackson, Kapatid na Sidney Jackson at Kapatid na babaeng Jackson, mula sa Timog Aprika. Nakapagsalita na ba sila? [Si Kapatid na Neville ay sumagot, “Oo”—Ed.] At ang mga taong ito ay totoo kong mga kapatid na lalaki at kapatid na babae, at mga kamanggagawa sa kampaniya sa Timog Aprika, noong huli naming paglalakbay doon. Kung paanong, kami ay nagtitiwala na isang araw, sa biyaya ng Diyos, na muli kaming makabalik na kasama sila, sapagkat ito'y kinakailangan.

¹¹ At ako'y nagsusumikap na makabalik sa loob ng siyam na taon. Ngunit, dahil sa ang mga organisasyon, at iba pa, ay ayaw akong pabalikin. Kaya't sinulatan ko sila kailan lang, at ang sabi ko, "Kung gayon ay mapasa inyo ang dugo ng mga ligaw na kaluluwang iyon at hindi mapasa akin." Dahil, naniniwala akong matagal nang ninanasa ng Diyos na gamitin ang aking ministryo doon, para sa mga taong iyon, matagal-tagal na. At dahil sa pagkakaiba-iba ng kanilang mga denominasyon, ayaw nila akong pahintulutang makabalik. Ngunit, mabuti, ang Panginoon na ang bahala riyon.

¹² Ngayon, nais kong sabihin sa umagang ito, na kung loloobin ng Panginoon, hinilingan ako ni Kapatid na Neville na magkaroon ng mga gawain mamayang gabi, at sa Tabernakulo. Kaya't kami ay...Nag-aanyaya sa inyo. At pagkatapos sa susunod na Linggo, kung loloobin ng Panginoon, ako ay paririto, rin; at marahil sa mga susunod na dalawa o tatlong Linggo, dahil sa pagkawala nitong, dahil sa kanselasyon ng pagtitipong ito na inihahanda pa lamang.

¹³ Ngayon, nais din naming sabihin, na, sinabi kong marahil ay ipapangaral namin ang Pitong Mga Trumpeta sa panahong ito. Inisip namin kung papaano natin ito gagawin sa kakapusan ng sukat ng gusaling ito at ang malaking kaabalahang dulot ng air-conditioner, walang hangin sa loob ng silid. Hindi pa ito napapaayos para sa air-condition. At sinubukan naming upahan ang paaralang ito na naririto, na may air-condition, na maupuan ng mga...O, hindi ko alam; ito'y may mainam na kapasidad para maupuan, isang napakagandang paaralan. Subalit wala kaming makitang anuman.

¹⁴ At, marahil, baka sakaling ibigay nila sa atin sa susunod na linggo. Ngunit, sa susunod na linggo? Kita n'yo, may mga delegasyong manggagaling sa iba't-ibang bahagi ng mundo; galing sa Jamaica, at galing sa mga Pulo, at galing sa Timog, kahit hanggang Timog Amerika, at Canada, at Mexico, at sa buong panig ng mga bansa. At nagpaabot kami ng mga pasabi noong Lunes, ngunit hindi nila matatanggap ang mga ito hanggang sa Miyerkules o Huwebes; at pagkatapos, ay kailangan pa nilang magpaalam, at iba pa, na labis na magpapagulo nito.

¹⁵ Sa mga susunod na linggo, hanggang sa panahon ng pasukan sa paaralan, ito'y, kailangan mo itong kunin ng isang gabi, at pagkatapos ay magpapahinga marahil ng isa o dalawang gabi, pagkatapos ay magkakaroon na naman, pagkatapos...Hindi natin kayang gawin iyan. Hindi n'yo magagawa iyan.

¹⁶ Nagtataka ako kung bakit, kung kailan ako nanalangin nang tapat. At saka naman natataong kailangan kaming bumalik nang muli sa Arizona, upang makapasok ang mga bata sa paaralan. At pagkatapos kami ay...kausap ko ang aking maybahay.

¹⁷ At, aba, pumasok ako sa silid kahapon, at ang sabi ko, “Panginoon, ako—maaaring ako ay hindi gumagamit ng napakaraming salita, ngunit, unawain Mo, ang samo ko, Diyos, ang ibig kong sabihin sa aking puso. Ano ang dahilan at hindi maipangaral ang mga Trumpeta na iyon?” At pagkatapos ay dumating Siya at ito ay ipinahayag. At ngayon, sa umagang ito, nais kong ipangusap sa inyo ang dahilan kung bakit.

¹⁸ At ngayon tayo ay, sino ang may mga Biblia at nais na—na, magbukas ng ating mga Biblia. Bubuksan muna natin sa Levitico, sa ika-23 kabanata ng Levitico.

¹⁹ Kung kalooban ng Panginoon, mangangaral ako mamayang gabi sa paksang: *Pagtungo Sa Labas Ng Kampamento*. At ito ay magiging maiksi, at nang magkakaroon kayo ng panahong makabalik sa inyong mga lugar upang makapag-trabaho.

²⁰ Ikinagagalak naming makita ang mga bisita, mga taong taga-ibang bayan. Ilan ang mga taga-ibang bayang naririto, habang kami ay nakatingin? Siyamnapu’t limang porsiyento, siyanga, siyamnapu’t walong porsiyento ng kongregasyon. Kaya, kita n’yo hindi ito mga taga-Jeffersonville, ito’y mga taong nagsiparito sa Jeffersonville, na pumarito. . . Naririto sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoon.

²¹ At ngayon nais kong bumasa sa tatlong dako, sa umagang ito. Ang isa sa kanila ay masusumpungan sa ika-23 kabanata ng Levitico, at ang iba ay sa Isaias 18, at Isaias 27, para sa inyong mga nagmamarka nito.

²² At ngayon sa halip na pangangaral. . . Kung loloobin ng Panginoon, gagawin ko iyan mamayang gabi. Ngunit nais kong magturo, sa umagang ito, tungkol sa pista ng pitong mga trumpeta. Kung kailan, ang buwang ito ay pista ng pitong mga trumpeta, simula. . . at siyang ika-pitong buwan, na tatapat ng Hulyo 15, na siyang simula ng pista ng mga trumpeta, sa mga batas ng Levita.

²³ Ngayon, kung mayroon kayong mga papel at anuman, at nais n’yong isulat ang mga Kasulatan at mga teksto, at iba pa, habang tayo ay nagpapatuloy.

²⁴ May isang bagay sa pagtitipong ito, mainit, at tayo’y nasanay na ryan sa loob ng maraming mga taon. Ngunit baka may mag-isip na naniniwala akong kapag pumasok tayo sa gusaling ito na tumitigil ang panahon, marahil, at bahagyang, bahagyang pumapasok sa Walang Hanggan, dahil sa tagal ng pagpigil ko sa mga tao. Hindi ko sinasadyang magkaganoon. Subalit ako ay naniniwalang tayo’y nabubuhay nang napakalapit na sa Pagdating ni Jesus, na kailangan kong samantalain ang bawat sandaling natitipon ko ang mga tao.

²⁵ At iniisip ko, habang nagmamaneho ako sa daan kanina, katatapos ko pa lamang manalangin bago maparito sa pulpito, ’tulad ng ginagawa ng sinumang totoong tapat na

ministro. Nag-iisip ako, “Alam n’yo, nagkakaroon tayo ng pinakamaluwalhating panahon kapag tayo ay nagtitipun-tipong magkakasama! Ngunit, ang mga taong buhat sa iba-ibang mga estado, ay nagkakatipon, nakaupo dito mismo ngayon, buhat pa sa malayo, daan-daang milya, at tayo ay magkakasamang nagtitipun-tipon sa paligid ng Salita. Subalit darating ang isang panahon, hindi na magtatagal, kung kailan ito’y magiging isang nakalulugod na alaala na lamang.” Iyan ay tama.

²⁶ Ang mga panahong ito ay kukunin mula sa atin, kung kaya, kailangan nating gawin ang lahat ng nalalaman nating gawin, upang magawa nating makabuluhan, ang bawat sandali. At pag-isipan ito ngayon, habang tayo’y nagtitiis ng init sa umagang ito. At, alam n’yo, bawat katawan ng tao ay isang—isang dinamo ng init, sa kaniyang sarili, at ito ay labis na nagpapahirap sa iyo. At, ngunit nais kong makuha ninyo ang Salita.

Ngayon, bago tayo—tayo bumasa, tayo’y manalangin.

²⁷ Panginoon, halos lahat ng taong naririto na naigagalaw ang kanilang mga kamay, ay makapaglipat ng mga pahina ng Bibliang ito. Ngunit may Iisa lang sa aming kalagitnaan sa umagang ito na makapagbubukas Nito; iya’y ang dakilang Espiritu Santo, na nasa aming kalagitnaan. Buksan Mo sa amin ang Salita, Panginoon, habang kami ay nagbabasa, tulad ng ginawa Mo sa mga alagad, habang sila ay naglalakad sa daang patungo sa Emmaus, at sinimulang ipaliwanag sa kanila ang mga Kasulatan. At kami nawa, sa aming paglisan, ay makapagsabi ng tulad niyaong mga pabalik sa Jerusalem mula sa Emmaus, “Hindi ba’t nag-alab ang ating mga puso sa loob natin habang tayo ay kinakausap Niya sa daan?” Sapagkat sa Pangalan ni Jesus ay hinihiling namin ito. Amen.

Magsitayo tayo bilang paggalang sa Salita.

²⁸ Ngayon, ang paksa ko sa umagang ito: ay ang *Pista Ng Mga Trumpeta*. Nais kong bumasa ngayon mula sa ika-23 talata ng ika-23 kabanata ng Levitico.

At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,

Salitain mo sa mga anak ni Israel, na iyong sabihin, Sa ika-pitong buwan, at sa unang araw ng buwan, ay magkakaroon kayo ng takdang kapahingahan, na pinakaalaalang may tunog ng mga trumpeta, isang banal na pagpupulong nga.

²⁹ Ngayon sa Aklat ni Isaias, simula sa unang talata ng ika-18 kabanata, ito ay nagdurugtong kapuwa sa kanila.

Ah, ang lupain ng pagaspas ng mga pakpak, na nasa dako roon ng ilog ng Etiopia:

Na nagsusugo ng mga sugo na nangagdadagat, sa makatuwid baga’y sa mga sasakyang papiro sa tubig, na nagsasabi, Magsiyaon kayo, maliliksing

sugo, sa bansang mataas...patag, mula sa bayang kakilakilabot...sa bansang sumusukat at yumayapak, na ang lupain ay hinahati ng ilog!

At kayong lahat ng nananahan sa sanlibutan, at kayong mga naninirahan sa lupa, pagka ang isang watawat ay nataas sa mga bundok, inyong tingnan; at pagka ang trumpeta ay hinipan, makinig kayo.

30 Sa Isaias 27:12 at 13.

At mangyayari sa araw na yaon, na lalagasin ng Panginoon ang bunga niyaon mula sa agos ng ilog hanggang sa mga batis ng Egipto, at kayo'y mappipisang isa-isa, o kayong mga anak ni Israel.

At mangyayari sa araw na yaon, na ang malaking trumpeta ay hihipan, at silang nangapahamak sa lupain ng Asiria ay magsisiparito, at silang mga tapon sa lupain ng Egipto, at sila'y magsisisamba sa Panginoon sa banal na bundok ng Jerusalem.

31 Manalangin tayong muli. Panginoon, pagpalain Mo ang mga Salitang ito sa aming mga puso. Nawa ang aming mga kaisipan at aming mga pagmumuni-muni ay maayon sa Iyong iniutos. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na kayo.

32 Napakaraming mga bagay na nais sabihin ng isang pastor sa kaniyang minamahal na kongregasyon, na binubuo ng iba't-ibang tao mula sa iba't-ibang lugar, na hindi mapahihintulutan dahil sa panahon.

33 Ngayon habang tinutungo natin ang paksang ito, nais naming maging malaya ang inyong pakiramdam. At marami sa inyo ang nakatayo; at sa aking pagdaan, puno ang mga pasilyo, at sa labas ng mga pintuan, at sa harapan, at sa paligid ng gusali, at sa palibot sa mga dingding. Kaya, ngayon, kung ibig ninyong makipagpalitan ng upuan sa isa't-isa, iyan ay magiging mainam.

34 Ngayon, *Ang Pista Ng Mga Trumpeta*. Ngayon, ito ay isang pagtitipon ng Israel, kung saan sila ay nag-iipun-ipon, ang pista ng mga trumpeta.

35 Ngayon, matagal ko nang inaasam na—na mangusap tungkol sa paksa ng Pitong Mga Trumpeta sa Aklat ng Apocalipsis. At ngayon pagbabalik-aralan natin ito, nang panandalian, upang ibunyag ang tunay na dahilan ng hindi ko pangungusap sa pagkakataong ito, sapagkat hindi ako pinahintulutan ng Espiritu Santong mangusap sa pagkakataong ito tungkol sa mga bagay na ito. Nalalaman ko na iyan ay tila napakapambata, marahil, sa mga taong mataas ang pinag-aralan at kaunawaan, subalit sa Cristiano ito'y iba. Tayo—sinusunod natin ang pangunguna ng Espiritu, tanging iyan lamang.

³⁶ Ngayon, nasimulan kong mapansin sa pangangaral ng Pitong Kapanahunan ng Iglesia, na siyang—siyang tularan, o ang hula tungkol sa lahat ng gagawin ng Diyos sa mga iglesia, at sa pamamagitan ng mga iglesia, at ang pagsasaayos sa kanilang mga tamang kalagayan.

³⁷ Ang unang tatlong kabanata ng Aklat ng Apocalipsis ay inihahayag ang lahat ng mga pangyayari sa Iglesia. Pagkatapos, mula sa ika-3 kabanata hanggang sa ika-19 na kabanata ng Apocalipsis, ay hindi na nakita ang Iglesia. Ang Iglesia ay umakyat sa ika-4 na kabanata ng Apocalipsis, at nagbalik sa ika-19 na kabanata ng Apocalipsis, ang Nobya at ang Nobyo, ay magkasamang, darating sa lupa. At pagkatapos simula sa ika-19 na kabanata hanggang sa pagtatapos ng ika-22 kabanata, ito'y tungkol lahat sa Milenyum at sa kung anong magaganap sa mga taong susunod dito. Mula sa ika-4 hanggang sa ika-19, ang Diyos ay nakikipag-ugnayan sa Israel.

³⁸ Ngayon, 'pagdaka, nang natapos tayo sa aklat ng kapahayagan ng iglesia, kung ano ang ginawa ng Diyos doon sa pitong mga iglesia, na noon ay nasa kanilang kamusmusan, o ang kanilang anino, sa Maliit na Asia. Pagkatapos ipinahayag at binuksan sa atin ng Espiritu Santo ang lahat ng mga hiwagang Naron, kung papaano Niyang dinala ang Kaniyang Iglesia sa kasaysayan. At kung wala kayong teyp ng *Ang Pitong Kapanahunan ng Iglesia*, makabubuti kung pakikinggan ninyo ang mga ito. At hindi magtatagal ang mga ito ay maisasaaklat na.

³⁹ At iniwanan lang natin ito nang ganoon, at ipinalagay na pagkalipas ng ilang panahon ay makapangangaral tayo ng tungkol sa mga Tatak, nang hindi pa natin alam kung ano ang mga Tatak.

⁴⁰ Nagkaroon ako ng sariling kaisipan, katulad ng bawat ministro, sa pagbabasa marahil ng kung ano'ng sinabi ng iba; at ako'y naniniwala hangga't magagawa ko, sa kanila, sa mga bagay na kanilang naipaliwanag, ang kanilang konklusyon. Nabasa ko ang aklat ni G. Smith, ni Uriah Smith, na guro ng Adventist, at nabasa ko ang kaniyang—kaniyang mga kaisipan tungkol dito. At nabasa ko ang kay G. Larkin. Nabasa ko ang, oh, napakarami pang iba, ang tungkol sa kanilang mga pahayag tungkol Dito. Ngunit, sa kung ano'ng kadahilanan, naisip kong kung mayroon akong isang—isang munting pananaw tungkol dito, sa aking sarili, na marahil ay may pagkakaiba sa ilang dako. Ngunit sinubukan kong minsan, na mangusap ng tatlong mga paksa, ang una . . . o ang apat na paksa tungkol sa apat na mangangabayo. Nangaral ako tungkol dito ng apat na gabi, isa sa bawat isang kabayo, at ang iba pa.

⁴¹ Ngunit bago ito mangyari noon, pinagkalooban ako ng isang pangitain, na nasa teyp, tulad ng alam ninyong lahat, *Mga Gimoo*,

Ano'ng Oras Na? na kinailangan kong magtungo sa Tucson, Arizona. At doon sa gawing likuran ng disyerto, sa itaas ng bundok, kung saan kasama ko ang ilang mga kapatiran, at sinabi ko ang tungkol sa isang malakas na pagsabog na magaganap, at aking . . . pitong mga Anghel ang bumaba. Nag-iisip ako, sa aking sarili, na iyon na ang katapusan ng buhay ko; sinabi ko sa maybahay ko na samahan si Billy, at kung ano'ng dapat gawin sa mga bata, at iba pa, hanggang sa magkita kaming muli sa kabilang dako.

⁴² Pagkatapos isang araw sa Sabino Canyon, nang tawagin ako ng Diyos doon ng madaling araw, nakatindig ako na nakataas ang mga kamay ko, nananalangin, at isang tabak ang napasa kamay ko. Alam n'yo iyan. Tumayo ako roon at tiningnan iyon, kasing totoo ng kamay ko ngayon, hindi ko nalalaman kung ano'ng kahulugan nito. At iniwan ako nito ng may isang Tinig na nagsabing, "Ito ang Tabak ng Hari." At pagkatapos, sa huli, nang ipahayag ito ng Anghel ng Panginoon, Iyon ay ang Salitang nasa kamay.

⁴³ Pagkatapos na pagkatapos noon, ang mga Anghel ng Panginoon ay nagpakita at isinaysay ang tungkol sa Pitong Trumpeta . . . o ang Pitong Tatak, na kailangan kong bumalik sa Jeffersonville at ipangaral ang Pitong Tatak. At, doon, kung mayroon man akong nasabing anumang bagay na may inspirasyon, ito ay naroroon. Doon kung saan ay kinatagpo tayo ng Anghel ng Panginoon, at ang Biblia ay naging isang bagong Biblia. Doon binuksan Ito at inihayag ang lahat ng mga bagay na naiwan ng mga reformer. Ito ang buong kapahayagan ni Jesus Cristo, na lubos na bago sa atin, subalit ganap, at tugmang-tugma sa Kasulatan. Iyan ang Salita na dati nang naroroon. Ako ay lubos na inspirado at ginabayan.

⁴⁴ Pagkatapos nang ako ay dumako sa bahaging ito, ng pangangaral ng Pitong Mga Trumpeta, inisip ko, "Aba, hindi ko tatangkaing mag-isip ng anuman. Maghihintay na lamang ako hanggang sa oras na iyon at hahayaang Siya ang maghayag nito sa akin." At kahapon nang ako ay . . . pumasok ako sa silid at nagtataka kung bakit . . . O, ipagpaumanhin ninyo, iyon ay noong kamakalawa. Nang pumasok ako sa silid, upang subukan itong unawain, doon ito binuksan ng Espiritu Santo, upang ipakita sa akin ang dahilan kung bakit ito ay hindi kapakipakinabang maging sa Iglesia sa panahong ito, 'pagkat wala itong kinalamang anuman sa Iglesia, kahit katiting.

⁴⁵ Ngayon, ang mga nakatagong hiwaga ni Cristo ay lubos na naipahayag sa Pitong mga Tatak.

⁴⁶ Inihayag nito, una, ang Pitong mga Kapanahunan ng Iglesia, binuksan nito ang mga kapanahunan at inilagay ang mga ito sa tamang kalagayan, kapuwa sa pamamagitan ng kasaysayan at sa pamamagitan ng Biblia, at inilagay ang mga ito sa kanilang

posisyon, kung papaano sila. At nakita natin ang ating mga sarili sa huling kapanahunan ng iglesia, ang kapanahunan ng Iglesia sa Laodicea, na siyang pinakabulok sa lahat ng mga kapanahunan. Maging sa pinakauna, mula sa Efeso, ito ay isang dakilang kapanahunan ng iglesia.

⁴⁷ At kung papaanong, naririto, ang Espiritu Santo ay nagkaloob sa akin ng isang pangitain, at dahil nakita ko ang mangyayari, iginuhit ko sa pisara, dalawang taon na ang nakararaan. Naririto sa taas ang paglalarawan, kung papaanong ang Liwanag ay unti-unting napapawi sa mundo, na magiging katulad na katulad ng pagdating ng Liwanag sa mundo, katulad ng Ebanghelyo, at kung papaanong Ito ay unti-unting mapapawi papaloob at papalabas. Hindi ko alam iyon, sa panahong iyon, kung ano'ng ibig sabihin niyon at kung papaano iyon magaganap.

⁴⁸ Subalit ang dakilang mundong ekumeniko ay nagkaroon ng isang—isang pakikipag-pulong sa Roma; at ang Roma, na siyang ina ng lahat ng mga organisasyon. Ang papa, sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan, ay umalis sa Vatican at nagtungo sa Jerusalem at sa marami pang ibang mga lugar. Ngayon, ang Jerusalem ang sinaunang luklukan ng lahat ng ating relihiyon, ang Jerusalem. At sa sinaunang luklukang ito, ang papa mula sa Roma, na siyang pinakamalaking kaaway ng Iglesia sa lahat ng panahon, ay umalis upang bisitahin ang Roma . . . o mula sa Roma patungo sa Palestina, Jerusalem.

⁴⁹ At tulad ng nakikita natin, dahil sa ako ay hindi nakapag-aral, na hindi nalalaman ang—ang mga salita at kung papaanong bibigkasin ang mga ito, ako'y parating nagtuturo sa pamamagitan ng mga tipo at mga tularan ng kalikasan. Ang kalikasan ay susunod sa kalikasan. Ang kalikasan ay sa Diyos.

⁵⁰ Kapag kayo ay nasa isang pagkakataon kapag ang mga baka, na nasa parang, ay sama-samang nagtitipun-tipon sa isang sulok ng parang, alisin ninyo ang inyong pangbingwit sa tubig; hindi kakagat ang isda. Hindi ninyo sila kailanman mahuhuli; kita n'yo, ang mga baka ay namamahinga; maliban na lang kung magkataong makapaghulog kayo sa pinaka pahingahan ng isa. Subalit kapag ang mga baka ay nanginginain, masdan ninyo. Sa pagkakataon ding iyon na ginagawa iyan ng mga baka, ang mga ibon ay magsisidapo rin sa mga puno; hihinto sila sa pagkain. Kita n'yo, ito'y kalikasan. Ang lahat ng ito ay nagkakatugma-tugma. Mapapansin ninyo ang mga bubuyog, sa panahong iyan, ay humihiging sa ibabaw ng kanilang mga pulot, at hindi sila nagtitipon nito. Lahat ng kalikasan ay gumagawang magkakalakip.

⁵¹ At kaya nga, kung papaanong nakikita natin ang puno ay naglalagas ng dahon, hindi na magtatagal, sa susunod na mga buwan, iiwanan ng dahon ang puno. At ang—ang buhay, dagta,

ay bababa sa ugat. At ang dahon ng puno ay malalaglag sa lupa at mabubulok. At ang kalsium at—at ang potas, na nasa dahon ng puno, ay mabubulok sa lupa. At ano'ng nangyari? Ang buhay ay nauna na rito, at sisipsipin nitong pabalik sa kaniyang sarili, at muling ibabalik ang dahong iyan. Ito'y isang kamatayan, paglibing at pagkabuhay na mag-uli.

⁵² At lahat ng kalikasan! At ang buwan ay ang—ay ang asawang babae ng araw. Ito ay isang higit na mababang liwanag. At pagkatapos, gayon din, kapag ang araw ay wala, sa pagkawala ng araw, ang buwan ang nagliliwanag sa mundo, na siyang tipo ng iglesia. At nang umalis ang papa, ang sinaunang kaaway ng iglesia, at nagtungo sa Jerusalem, na siyang luklukan ng iglesia; na, ang bagong Jerusalem at ang lumang Jerusalem; mapapansin natin, bago ito maganap, nagkaroon ng lubusang pagdidilim ng buwan.

⁵³ At sa mga pahayagan, sa buong bansa tulad ng nasa pisara, ipinakita nito kung papaanong ang buwan ay nabago mula sa liwanag patungo sa kadiliman. At ang pinaka kababalaghan nito, iyang iyang buwang iyon ay gumuhit ng katulad na katulad, sa kalangitan, siya ring bagay, na ipinaguhit sa akin ng Espiritu Santo dito dalawang taon na ang nakararaan, at ipinapakita ang...tinatakpan ang...Nang maiguhit na ang anim na larawan, inilagay ko ang ika-pito roon, sapagkat ang ika-pitong kapanahunan ng iglesia, ay anino na lang ng Liwanag ang taglay, ang paglisan ngang...Doon naroroon si Jesus, sa pintuan, na kumakatok. Subalit ito ay naging pawang kadiliman.

⁵⁴ At anong gandang paglalarawan, anong gandang Mensahe mula mismo sa Diyos, na ang mga bagay na ito ay ang Katotohanan! Una itong pinatotohanan sa Kaniyang Salita, kapagdaka'y sa pamamagitan ng Espiritu sa plataporma, at pagkatapos ay ipinahayag ito sa kalangitan. Walang anumang pagkakamali rito. Ang mga Tatak at mga kapanahunang iyon ay nakahanay nang ganap, ganap na ganap, ang Diyos ay sumasaksi sa pamamagitan ng supernatural na mga tanda at mga kababalaghan, kasama ng Salita at kasaysayan na pinaglakip-lakip, sa kapanahunang ating kinabubuhayan.

⁵⁵ Ngayon, ito'y mahirap makita ng mga iglesia. Ito'y mahirap makita ng mga denominasyon. Parati nilang sinisikap na ipalagay na kinagagalan mo ang mga tao. Hindi naman; sinisikap mong babalaan ang mga tao. Hindi ito pagsusumikap na maging masama sa kanila; sinisikap mo na mailayo sila sa masama. Hindi ang mga tao sa loob ng mga organisasyon; ang sistemang kinaroroonan nila, iyan ang nagpapahamak sa kanila. Matatapat, mga taong sinsero ang mga Catolico, Protestante, Judio, at ano pa. Ito'y mga tao na—na...

⁵⁶ Ang mga madre ay hindi pumapasok sa kumbento upang maging mga masasamang babae; pumapasok sila roon upang maging mabubuting mga babae. Nagsisikap silang maging higit na mapalapit sa Diyos, subalit ang sistema ang nagpaparumi sa kanila. Ang mga tao ay sumasapi sa iglesia, hindi upang maging masamang tao, kundi upang maging mabubuting tao. Subalit ang sistema ng iglesia ang humahatak sa kanila papalayo sa Salita at sa mga prinsipyo na inilatag ng Diyos para sa araw na ito; at iyan ang nagpapalabas sa kanila.

⁵⁷ Ngayon alalahanin, ang Diyos ay ang Salita, at sa bawat kapanahunan ay naglaan Siya ng Salita para sa bawat kapanahunang darating sa lupa. Kaniyang inilaan Ito sa kapanahunan ng iglesia, at inihayag ng Pitong mga Tatak ang bawat mumunting bahagi Nito. Kita n'yo?

⁵⁸ Bakit naganap doon... mayroon pa bang mga hiwagang nakatago pa rin? Sa Apocalipsis 10, masusumpungan natin, sa dulo ng Mensahe ng ika-pitong anghel, na, ang mga hiwagang ito, na naitago, ay mahahayag, Apocalipsis 10:1 hanggang 7. Pansinin, ang dahilan ay sapagkat walang mga propeta sa loob ng panahong ito. Iyan ang sabi ng Biblia, na, "Walang ano mang gagawin ang Diyos malibang ihayag Niya ito sa Kaniyang mga lingkod, na mga propeta." At ang Salita ng Panginoon sa lahat ng kapanahunan ay laging dumarating sa mga propeta, hindi kailanman sa isang sistema, hindi kailanman sa isang grupo.

⁵⁹ Hindi kailanman gumamit ang Diyos ng isang grupo. Sa tuwing ang alinmang pangkat ng mga tao ay nagsipagtatag, iniwan ito ng Diyos at hindi na kailanman ito binabalikan. Saliksikin n'yo ang kasaysayan at alamin kung iyan ay tama o hindi. Ginawa na natin ito. Hindi Siya kailanman nakikipag-ugnay sa isang sistema o sa isang pangkat, pagkatapos nilang magtatag; ito'y laban sa Diyos.

⁶⁰ Kung kaya, sa panahon ng repormasyon, may mga dumating na mga reformer, tulad ng pinatunayan ng Pitong Tatak. Subalit sa huling mga araw ngayon, ito ay dapat na muling maihayag. Sapagkat masusumpungan natin sa Kasulatan, sa Malakias 4, na may isang pagpapahid na bababa, upang ipanumbalik muli ang orihinal na Pananampalataya, "at upang dalhin ang pananampalataya ng mga tao pabalik sa orihinal na pentecostes, ang Pananampalataya ng mga ama."

⁶¹ At kinuha natin si Elias sa unang takbuhin; kinuha natin ang Eliseo na kasunod niya; kinuha natin si Juan Bautista pagkatapos niyon, na siyang Elias ng araw na iyon; at may pangako para sa isa pa sa araw na ito.

⁶² Ngayon, si Juan Bautista ay hindi ang Eliseo ng Malakias 4. Siya ay ang Eliseo ng Malakias 3. Ito ang sinabi ni Jesus. "Narito, sinusugo Ko ang Aking mensahero sa Aking unahan, upang ihanda ang daan." Nasumpungan nating siya iyon.

63 Ngayon, nang dahil dito, sa pagkasumpong sa mga posisyong iyon, nalalaman nating lahat ng iba pang Kasulatan, na inspirado ng Diyos, ay naghahayag sa atin na tayo'y nasa huling araw.

64 Ngayon, kung dumating ako na taglay ang mensahe ng Pentecostes, ako ay mapapasa Kapanahunan ng Iglesiang Laodicea, at hindi ito magiging tama.

65 Iyan ang dahilan na hindi maaaring kunin ni Wesley ang mensahe ni Luther. Si Luther ay nasa isang kapanahunan, kapanahunan ng iglesia, at si Wesley ay nasa ibang kapanahunan ng iglesia. Kung si Jesus ay nais dumating sa . . . na taglay ang mensahe ni Moises, hindi sana ito gumana. Kung si Moises ay dumating na taglay ang mensahe ni Noe, hindi sana ito gumana.

66 Subalit ang Diyos ay naglaan sa Kaniyang—Kaniyang bayan, sa bawat kapanahunan, ng isang Kasulatan. At bago pa lumitaw ang kapanahunang ito, sa panahon, ay lubos na itong ginulo ng mga iglesia hanggang sa hindi na nila—nila alam kung saan sila naroroon.

67 Iyan ang dahilan na nabigo silang makilala si Jesus bilang Anak ng Diyos. Sila, sila ay binulag ng kanilang mga tradisyon, subalit Siya ay tugmang-tugma sa Kasulatan.

68 Ganoon din ang mga propeta. Ang sabi ni Jesus, “Sino sa inyo, sa inyong mga magulang, ang hindi bumato sa mga propetang isinugo sa inyo?” Kung gayon sinusugo ng Diyos ang Kaniyang mga propeta, upang . . . at ang propeta ay ang buhay na Salita ng Diyos, na nahayag.

69 Ang sabi ni Jesus, “Papaano ninyo Akong hahatulan, sa pagsasabing, ‘Ako ang Anak ng Diyos,’ at tinatawag ninyo, sa inyong sariling mga kautusan . . . Ang sabi n’yo, yaong mga dinaratnan ng Salita ng Panginoon,” na silang mga propeta, “tinawag n’yo ‘silang mga diyos’. At sila nga, sapagkat ang Kasulatan ay hindi mababali.” Ang sabi Niya, “Kung gayon paano ninyo Ako hahatulan?” Samantalang Siya ang . . . Sila ay isang bahagi ng kautusan, sila ay bahagi ng Salita ng Diyos, subalit si Jesus ay ang kapuspusan ng Salita ng Diyos. Ang kabuuan ng Kaniyang plano ng katubusan, ang kabuuan ng kasapatan ng Diyos, ay nasa Kaniya.

70 At ngayon, sa kapanahunan ng mga iglesia, gayon din ang kanilang ginawa. At ang Pitong mga Tatak ay upang ihayag ang lahat ng mga hiwagang naiwan sa panahong iyon, sapagkat wala tayong mga propeta, at ang Salita ay hindi dumarating sa mga reformer. Sa mga propeta!

71 Ang Diyos ay hindi nagbabago. Sa Malakias 3, ang sabi, “Ako ang Diyos, at hindi Ako nagbabago.” Ang unang paraan ng Diyos sa paggawa ng anumang bagay, ay siya ring paraan ng Diyos magpakailanman. Nagpasiya ang Diyos na ililigtas Niya ang tao sa pamamagitan ng nabubong Dugo ng Isang inosente,

sa hardin ng Eden, at hindi Niya ito kailanman binago magmula noon, at hindi Niya magagawang baguhin ito. Tinangka natin sa pamamagitan ng edukasyon, sa pamamagitan ng mga gusali, sa pamamagitan ng mga sistema, sa pamamagitan ng mga denominasyon, sa pamamagitan ng mga etiko, at ng lahat ng iba pa, at lahat ng ito'y nabigo. Subalit may iisang dako lamang kung saan kinakatagpo ng Diyos ang tao, iya'y sa ilalim ng nabubong Dugo ng Inosente. Tanging sa pamamagitan ng Dugo! Iyan ang una Niyang desisyon. Kita n'yo?

⁷² Maaari tayong gumawa ng isang desisyon, at sa susunod na taon ay maaaring may maisip tayong mas mabuti. May mas mainam tayong kaisipan tungkol dito, sa susunod na taon. Hindi ito magagawa ng Diyos; Siya'y walang hanggan. Ang una Niyang pasiya ay sakdal; walang makapagpapabago nito. Maaari pa akong matuto; may hangganan tayo. Maaari pa akong matuto; matututo pa kayo. Subalit ang Diyos ay hindi na maaari pang matuto; Siya ay sakdal, sa pasimula pa lamang. Kung kaya, ang Kaniyang unang kapasiyahan, isalalay ang inyong kaluluwa rito. Kung ano ang sinasabi ng Biblia, iyon na nga iyon!

⁷³ Kinakailangang hatulan ng Diyos ang sanlibutan balang araw. At ang sabi ng Catolico hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng Iglesia Catolico. Kung iyan ay totoo, aling Iglesiang Catolico? Magkakaiba sila, sa isa't-isa. Kung hahatulan n'yo ito sa pamantayan ng Protestante, aling iglesiang Protestante? Magkakaiba sila, sa isa't-isa. At ito ay tila magiging nakalilito; hindi malalaman ninuman kung saan dapat tumayo. Kung tama ang Metodista, ang Baptist ay napahamak. Kung ang Protestante ay tama, ang Catolico ay napahamak; ang Catolico ay tama, ang Protestante ay napahamak.

⁷⁴ Ngunit Biblia ang may sabi na hahatulan Niya ang sanlibutan sa pamamagitan ni Jesus Cristo, at Siya ang Salita. Kung gayon, hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng Salita.

⁷⁵ At lahat ng mga denominasyon ay lumilihis sa Salitang iyan, upang makagawa ng kani-kanilang mga kredo. Hinihiling ko sa kanino man na patunayan sa akin kung saan sila'y kumukuha ng buong Salita. Hindi nila ito magagawa, dahil ito'y kontrolado ng sistema ng tao. Kung saan ang tao . . .

⁷⁶ Ang Diyos ay hindi kailanman nakikipag-ugnay kundi sa isang tao lang sa isang pagkakataon. Hindi siya kailanman nagkaroon ng dalawang propeta sa iisang pagkakataon. Isa! Kumukuha ang Diyos ng isang tao sa Kaniyang kamay. Hindi Siya nakikipag-ugnay sa inyo . . . sa inyong organisasyon; Siya ay nakikipag-ugnay sa iyo.

⁷⁷ Ngayon, sa pamamagitan ng batayang iyan, tayo ay tutungo sa pista ng mga trumpeta, ang mga natatagong hiwaga. Naihula na ito ay magkakagayon, kung kaya ito ay kinakailangang maipahayag sa ganoong paraan. Subalit kung ito ay maihahayag

sa huling araw na ito, upang matupad nang tugmang-tugma ang kasasabi ko pa lamang, ang ika-4 na kabanata ng Malakias, Lucas ika-17 kabanata, at ang—ang ika-30 talata, kung paano Niyang gagawin ito, at sa Mga Hebreo 13:8, Mga Hebreo 4:12, at marami sa mga Kasulatang iyon na nagsasabi sa atin. Ngayon, kung iya'y banyaga sa ilan sa inyo, hayaan ninyong sabihin ko na ang Diyos ay palaging. . . Ang paraan upang ang Diyos ay makilala sa kalagitnaan ng mga tao ay sa pamamagitan ng Kaniyang pagiging propetika.

⁷⁸ Ang mga Judio ay nakaaalam mula't sapul na dapat paniwalaan ang kanilang mga propeta. Ang sabi Niya, “Kung mayroong isa sa inyong kalagitnaan, Akong Panginooon, ay mangungusap sa kaniya sa mga espirituwal na panaginip at sa mga pangitain. At, kung mangyari ano man ang kaniyang sabihin, kung magkagayon ay dinggin ninyo siya.” Sila ay palaging. . .

⁷⁹ Ganiyan nila nabigong makilala si Jesus, at kinailangan nilang ibilang Siya sa ibang uri, kaya ginawa nila Siyang isang masamang espiritu, “Beelzebub,” sapagkat nagagawa Niyang makilala ang mga hakang nasa kanilang mga puso. Sa tuwina ay nalalaman nating iyan ang tanda ng Salita.

⁸⁰ Ang ika-4 na kabanata ng mga Hebreo, ang ika-12 talata, ang sabi, “Ang Salita ng Diyos ay matalas pa kaysa sa isang tabak na may dalawang talim, at nakakikilala ng mga kaisipan at hangarin ng puso.”

⁸¹ “Kapag Siya na Espiritu Santo ay dumating sa inyo, ipapaalala Niya sa inyo ang mga bagay na ito na sinabi Ko, at ipapakita sa inyo ang mga bagay na darating.”

⁸² “Ang Diyos sa iba't-ibang panahon, sa iba't-ibang kaparaanan,” Mga Hebreo 1, “ay nangusap sa mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, at sa huling mga araw na ito sa pamamagitan ng Kaniyang Anak, na si Jesus Cristo.” Ang Siya ring Diyos, lumipat lang mula sa mga propeta patungo sa Anak. Iyan lahat. Kita n'yo? Sa tuwina ay iisang Mensahe, iisang paraan ng pagganap nito.

⁸³ Ngayon, naihula na na ang mga iglesia ay mapapasa ganitong kalagayan, at kinakailangang muling maipanumbalik. At ang sabi Niya, sa Malakias 4, na Kaniyang “isusugo si Elias na propeta, at panunumbalikin ang—ang mga tao pabalik muli,” na may taglay na. . . dadalhin ito. Pansinin. At bago pa. . . O, pagkatapos na pagkatapos ng kaniyang Mensahe, darating ang panahon kung saan ang sanlibutan ay masusunog, at ang mga matuwid ay magsisilakad sa mga abo.

⁸⁴ Ngayon, sa ilang teologo na maaaring nakikinig sa teyp, saan man sa buong mundo, kung iniisip ninyong iyon ay si Juan, alalahanin n'yo, kung gayon, ang mga Kasulatan ay mali, sapagkat ang mundo ay hindi nasunog pagkatapos ng mensahe

ni Juan. Hindi dumating si Jesus at dinala ang mga tao sa Milenyum; subalit ipinangako Niyang gagawin Niya ito matapos na ang Espiritu ni Elias ay muling maparito sa mundo.

⁸⁵ Pansinin n'yo ngayon sa Malakias 4, nakikita natin dito na ito ay dapat maganap upang isauli (ang ano?) ang pananampalataya ng mga tao pabalik sa mga orihinal na magulang, ang Aral ng pentecostes, ang orihinal na mga magulang. At panunumbalikin niya ang mga tao sa mga magulang.

⁸⁶ Masusumpungan natin sa Lucas 17, ang sabi ni Jesus na kapag Siya ay dumating sa mga huling araw na ito, Lucas 17:33, nalaman nating sinabi ni Jesus, “Kung papaano sa mga kaarawan ni Lot, magiging gayon din sa pagdating ng Anak ng tao, kapag ang Anak ng tao ay nahayag.”

⁸⁷ Ngayon pansinin n'yo, dumating Siya sa tatlong pangalan ng anak. Siya ay dumating sa pangalan ng Anak ni David . . . O, ng Anak ng tao, Anak ng Diyos, Anak ni David.

⁸⁸ Ngayon, kinailangan Niyang dumating bilang Anak ng tao, sapagkat Siya ay isang Propeta. Tinawag mismo ni Jehova, tinawag ang mga propeta, “anak ng tao.” At hindi kailanman tinukoy ni Jesus ang Kaniyang Sarili bilang Anak ng Diyos. Tinukoy Niya ang Kaniyang sarili, sa tuwina, bilang Anak ng tao. At pansinin n'yo, ipinahayag Niya noon ang Kaniyang sarili bilang ang Propeta, ang Tagapangita. Ang sabi Niya, “Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa ng aking Ama, kung gayon ay huwag ninyo itong paniwalaan.” Ginanap Niyang lahat ng paglalarawang sinabi tungkol sa Kaniya sa Kasulatan, maging sa Kaniyang kamatayan, pagkalibing, pagkabuhay na mag-uli, sa pagkapako Niya sa krus, sa Kaniyang kapanganakan, sa lahat. At sa Kaniyang gawa, umakma Siya sa paglalarawan ng Tagapangita, ang Anak ng tao.

⁸⁹ Ngayon Siya'y naipahayag sa mga kapanahunan ng iglesia, ngayon masdan n'yo, sa buong kapanahunan ng iglesia, bilang Anak ng Diyos. Ang Diyos bilang isang Espiritu, ang Espiritu Santo, ipinahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa mga kapanahunan ng iglesia bilang, sa kongregasyon, bilang Espiritu Santo na nasa kalagitnaan ng mga tao.

⁹⁰ Masusumpungan natin, sa Kapanahunan ng Iglesiang Laodicea, ang huling kapanahunan ng iglesia, Siya ay pinalabas sa iglesia. Hindi Siya pinalabas, sa alin mang panahon, maliban sa Kapanahunan ng Laodicea. “Dahil, ang sabi nila, ‘Kami’y mayaman at hindi nangangailangan ng anuman.’ At hindi mo nalalaman na ikaw ay maralita, dukha, hubad, at bulag, at hindi nito alam.” Pinalabas Siya sa kapanahunan ng iglesia.

⁹¹ At pagkatapos, ayon sa Lucas 17, ang sabi Niya, “Kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma, magkakagayon din sa pagdating ng Anak ng tao.” Ngayon, binabasa Niya ang Genesis

ding binabasa natin. Pansinin n'yo, sa Sodoma, kung ano'ng naganap. Ano yaong nasa Sodoma? Si Abraham . . .

⁹² Laging may tatlong uri ng mga tao. Naroon si Abraham, ang hinirang at tinawag palabas, sa labas mismo ng Sodoma. Naroon si Lot, ang kasapi ng iglesia, o taong makadenominasyon, doon; naging bahagi siya ng sanlibutang iyon, sa pagiging alkalde ng lungsod, umupo siya sa pintuang-bayan; siya ay ang hukom, na siyang alkalde. At naroon ang Sodoma, mismo.

⁹³ Ngayon, kinagabihan, o sa katanghaliang tapat, nang si Abraham ay nasa silong ng kaniyang punong encina, may tatlong Anghel na nagpakita sa kaniya. Ang dalawa sa kanila ay nagtungo sa Sodoma, at nangaral ng Ebanghelyo, at sinikap silang tawagin palabas. Ayaw nilang gawin ito; sila ay mga taliwas. Si Lot, at ang kaniyang maybahay, lamang, at ang kanilang dalawang anak na babae, ang nagsimulang lumabas. At ang kaniyang maybahay ay naging isang haliging asin.

⁹⁴ Subalit yaong Isang nanatili at nakipag-usap kay Abraham, na tinawag ni Abraham na, "Elohim, ang Makapangyarihan sa lahat." Genesis 1, "Ang Diyos! Nang pasimula, ang Diyos," Elohim, yaong—yaong Isang sapat sa lahat, yaong umiiral sa Kaniyang Sarili. Tinawag Siyang "Elohim" ni Abraham. At Siya ay umupo at kumaing kasalo ni Abraham; Siya ay uminom; Siya ay nasa lamang-tao. At masdan n'yo ang tandang ibinigay Niya kay Abraham.

⁹⁵ Ngayon, sila ay naghihintay sa isang paparating na anak, isang ipinangakong anak, si Isaac. Dalawampu't limang taon, sa isang mahabang paglalakbay, hinintay nila ito, subalit sila ay nasa dulo na ng paglalakbay. Ang Diyos ay nagpakita sa maraming mga anyo, katulad ng ginawa Niya sa mga kapanahunan ng iglesia, sa mga Liwanag, at iba pa, katulad ng ipinangusap Niya kay Abraham, at sa pamamagitan ng mga tinig. Ngunit bago pa dumating ang paparating na anak . . . Ngayon nadaanan na natin ito, at alam n'yong ako'y nag-uulit na lamang, upang ipaunawa ito sa inyo. Na, binago Niya ang katawan ni Abraham at ni Sarah, pagkatapos na pagkatapos nito, upang matanggap nila ang anak na lalaki.

⁹⁶ Pansinin, ang huling tanda na tinanggap nila, bago dumating ang anak, ay ang pakikipag-usap ni Jehova sa kanila sa anyo ng isang tao. At kung paano nilang nakilala na ito ay si Jehova, dahil sinabi Niya, "Abraham," hindi Abram. Ilang araw pa lang bago iyon, ay binago ng Diyos ang pangalan niya. "Nasaan ang iyong asawang si Sarah?" Hindi S-a-r-r-a; kundi S-a-r-a-h, "prinsesa."

At sinabi ni Abraham, "Siya ay nasa kubol, sa Iyong likuran."

⁹⁷ At ang sabi Niya, "Ako," iya'y isang panghalip na panao, "Ako ay dadalaw sa inyo ayon sa Aking pangako. Sa panahon

ng buhay, sa susunod na dalawampu't walong araw, may mangyayari kay Sarah."

⁹⁸ At si Sarah, sa loob ng kubol, ay ngumiti sa kaniyang sarili, at nagsabi sa kaniyang puso, "Paanong mangyayari ito, samantalang ako'y matanda na; at pagkatapos ay magtatamo pa ako ng kaligayahan sa piling ng aking panginoon, si Abraham, na matanda na rin?"

⁹⁹ At ang Anghel, o ang Lalaki, ay nagsabi, "Bakit sinabi iyan ni Sarah sa kaniyang puso?" Sa loob ng kubol sa Kaniyang likuran! "Bakit niya sinabing ang mga bagay na ito ay hindi maaaring mangyari?" Kita n'yo? Isang Lalaki sa laman ng tao, tulad ng isang propeta, gayunman Ito ay si Elohim na kumikilala ng kaisipang nasa puso ni Sarah, na nasa Kaniyang likuran.

¹⁰⁰ At ang sabi ni Jesus, "Kung paano sa mga kaarawan ni Lot, magiging gayon din sa pagdating ng katapusan ng sanlibutan, kapag ang Anak ng tao," hindi Anak ng Diyos, "kapag ang Anak ng tao ay magpapahayag."

¹⁰¹ Hindi pa nagkaroon nito sa buong panahon. Nakikita n'yo ba ang sakdal na pagkakadugtong-dugtong ng Kasulatan? Naririto't nabubuhay tayo rito. Ang mga hiwaga; maging ng bautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na malayo sa kaisipan ng Oneness; at ang iba pang mga bagay na ito, kung paanong iyan ay pinakilos ng Espiritu Santo at ipinamalas ito nang ganap na ganap; at ang tunay na Bautismo ng Espiritu Santo, ang Tanda, at lahat na, at inilagay ito sa tamang kalagayan; at kung paanong inilagay Niya ang bawat reformer, at lahat na, nang tugmang-tugma. At, kita n'yo, sa harap mismo ng ating sariling mga mata, at ito'y hindi sa isang sulok. Ito'y bantog sa buong mundo. Si Jesus, na Anak ng Diyos, ipinapahayag ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan ng mga Kasulatan, na binibigyang buhay ang Kasulatang itinalaga sa araw na ito, gaya sa araw na iyon at sa lahat ng iba pang mga araw, na mabuhay. At, ang sampalatayanan Ito, ay siyang katibayan ng Espiritu Santo.

¹⁰² Ang katuwiran, hindi ninyo maaaring sabihin na ang "pagsisimba" ang siyang katibayan ng Espiritu Santo. Kung ganiyan nga, samakatuwid ang mga Fariseong iyon ay taglay din Ito. Kita n'yo? Hindi n'yo maaaring sabihin na ang "pangangatog o paglundag" ay siyang... Kung iyan ang sasabihin ninyo, ay mayroon din Nito ang mga pagano. Kung sasabihin n'yong ang "pagsasalita ng iba't-ibang wika," ano'ng—ano'ng pagsamba sa diablo ang hindi nagsasalita ng iba't-ibang wika? Magsabi kayo sa akin ng isa.

Si Kapatid na Jackson na nakaupo rito para sa Aprika, mula sa Aprika, ay makapagsasabi niyan sa inyo. Nanggaling na ako sa mga kampo ng Indian dito, nakita ko kung paanong sugatan ng mga mangkukulam at ng mga salamangkero ang

kanilang sarili, at magbuhos ng kanilang sariling dugo, at magsalita ng mga iba't-ibang wika; at-at ang mangkukulam ang nagpapaliwanag nito, at nakita ko silang naglapag ng lapis at sumulat sa hindi kilalang mga wika. Kaya hindi iyon 'yon. Subalit kung ito . . .

¹⁰³ Ano ang totoong katibayan? Ang sabi ni Jesus, “Na kayo ay manampalataya na Ako nga Siya.” At Siya ang Salita.

¹⁰⁴ Bakit hindi nila Ito nakuha? Bakit hindi Ito nakuha ng mga Judio? Sila ay matutuwid na tao; sila ay mabubuting tao; sila ay mga banal na tao, at naroroon ang lahat ng uri ng mga tao; ngunit, sa kaniya na nakatalagang duminig ng Salita!

¹⁰⁵ “At paano n’yo malalaman kung ito ay ang Salita? Ang bawat isa ay nagsasabi ng ganito.”

¹⁰⁶ Ito’y ang pangako ng Biblia na pinatutunayan ng kapanahunang iyon, hayan kayo, pagkatapos ay manumbalik kayo kung saan naroroon ang Espiritu Santo. Matyagan ang tunog ng Trumpeta sa ilang sandali, kung ano ang isinasaad nito. Ang Trumpeta, ang Trumpeta ng Ebanghelyo, tingnan kung sino ang makaririnig Nito. Alalahanin n’yo, na yaong mga nasa napaderang lungsod ay hindi nakalalabas sa panahon ng jubileo. Hindi po. Sila ay nasa kabila ng mga pader; nanatili sila roon. Tapos na Ito; naging mga alipin na sila sa buong buhay nila, at kinailangang markahan. Ngayon habang nakikita natin ang lahat ng mga padrong ito, pansinin.

¹⁰⁷ Ngayon, ang mga gawang ito, ang Malakias 4, at lahat ng ito, at ang Hebreo 13:8, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” Siya ay nananatiling ang Salita magpakailanman, ang Salitang ipinahayag. Ganiyang-ganiyan ang pagpapakilala Niya sa mga propeta. Ang isang *propeta* ay hindi lamang nangangahulugang “isang tagapangita o tagasaysay ng mangyayari;” ito ay nangangahulugang “isang tagapagpahayag ng naisulat na Salita.” Sa sarili niyang buhay, ang sarili niyang mga gawa, ang naghahayag at nagpapatunay sa Salita ng panahong iyon; katulad ng pagtatayo ni Noe ng arka; Si Moises na noon; ano pa man; at anumang pangako, ang ipinangakong Salita para sa oras na iyon.

¹⁰⁸ Ngayon, nalalaman natin na Siya ay kapiling natin. Nanampalataya tayo ryan. Nakita n’yong nahayag ang Kaniyang Salita, sa pamamagitan ng mga larawan, ng mga Kasulatan, ng mga pahayag mula sa Kalangitan, sa lupa, lahat ng mga iba pang sinabi Niya. Hindi ito minsan man nabigo. Hinihiling ko kanino man na ipakita sa akin, mula sa iba’t-ibang bahagi ng bansa, o sa buong mundo, kayo’y—kayo’y may pananagutang sulatan ako at sabihin sa akin, kung saan minsan man ito nabigo. Sakdal, sa bawat salita, ngayon, iya’y isang pangako.

109 Bakit kinakailangang lumitaw Siya sa huling mga araw na ito? Kung babalikan ninyo, kayong mga tagapakinig ng teyp, sa *Ang Punong Nobya*, at palabasin ang kinaroroonan ni Cristo, na siyang Punong iyon na nasa hardin ng Eden. Ang unang Adan ay nahulog; at ang Pangalawang Adan na ito ay pinutol ng kasalanan. Ibinitin nila Siya sa isang punong Romano, at mula roon ay hinugot ang... lumabas ang Punong Nobya na ipinangako Niya, na nakikita natin sa mga Kasulatan, ngayon, upang kunin ang Nobya.

110 Katulad ng piramide, kung paano ito ay paliit nang paliit, mula sa malaki't malapad; mula kay Luther, Wesley, Pentecostes, at pagkatapos ay ang panakip na bato sa ibabaw nito ay hasang-hasa, at ang bawat isa sa mga batong iyon ay lapat na lapat ang pagkakakabit. At hindi pa rin natin alam kung paano nila ginawa ito, subalit lapat na lapat ang pagkakakabit sa kanila sa piramideng iyon! At hindi tayo nagtuturo ng aral ng piramide ngayon, tayo lamang ay...

111 Si Enoc at sila ang nagtayo nito, maraming taon na ang nakalipas, at ito ay nakatayo bilang isang sagisag. Katulad din ng pagsikat at paglubog ng araw; katulad din ng paglalaglag ng puno ng kaniyang—kaniyang dahon, at muling babalik; tulad ng isang isda, at ng baka, at ang lahat ng iba pa ay sumasagisag dito. Ang piramideng iyon ay nakatayo bilang isang sagisag.

112 Pumasok kayo sa silid ng propeta at masdan ninyo ang pitong baitang na iyon. Saan ginawa ng—saan kinatagpo ng bantay ang hamon upang dalhin ang dumarating patungo sa presensiya ng hari? Sa tuktok ng mga baitang; sa ika-pitong baitang. Doon ay ipinapakitang kinakailangan nating dumulog muli na taglay ang siya ring Espiritu na na kay Juan; ipinakilala niya ang Mesias. Siya ay higit na dakila sa lahat ng mga propeta; ipinakilala niya Ito. At kinakailangan nating muling dumating sa isang lugar, sa isang bagay na magpapakilala sa Mesias.

113 At paano ang Mesias... makikilala ito ng mga taong nananampalataya sa Kaniya maliban sila'y patuloy na nananatili sa Salita, upang malaman kung ano Siya! Ang sabi ni Daniel, "Malalaman ng mga matatalino; ngunit ang mga mangmang, ang mga mangmang, ay hindi makakaalam. Makikilala nila ang kanilang Diyos." Ngayon, ngayon, paano Siyang magpapakita sa mga huling araw, upang ihatid ang mga tao pabalik sa Salita, upang makilala ng Nobya ang Kaniyang Asawang lalaki, ang Kaniyang Kabiyak, ang Salitang ipinahayag. Iyan ang dahilan kung bakit kailangan itong mangyari.

114 Hindi Ito nangyari sa panahon ng mga reformer; hindi sa panahon ni Luther, ni Wesley at—at ng mga Pentecostal, at iba pa. Ang Kasulatan ay nagsasabing hindi.

¹¹⁵ Subalit ito ay darating. Iyan ang pangako Niya para sa kapanahunang ito. Tayo'y nabubuhay sa panahong pangyayarihan ng Kaniyang Pagdating. Siya ay dapat mapagkilanlan na nasa Kaniya. Sinumang babae ay dapat mapagkilanlang kasama ng kaniyang asawang lalaki, pagkat ang dalawa ay iisa. At ang Nobya ni Cristo ay kinakailangang mapagkilanlang kasama Niya, sapagkat ang dalawa ay iisa; at Siya ang Salita, hindi ang denominasyon. Ang Salita! Tayo ay nararapat na maging mga anak ng Liwanag, at ang Liwanag ay ang Salita, na pinaging Liwanag para sa panahong ito. Paano natin makikilala ang Liwanag malibang Ito ay magmula sa Salita? Mabuti. Ang Salitang naging laman ang Liwanag ng panahon; kapag Ito ay nakita n'yo, at sinabi ito ng Biblia.

¹¹⁶ Ang mga taong iyon habang nakatingin kay Jesus doon, at ang sabi, "Aba, ang Lalaking ito, sino ba Siya? Aba, anak Siya sa labas doon. Aba'y, ang ama't ina Niya ay *ganito*, *ganiyan*, at *iba pa*, at lahat ng ito na naroroon." Ngunit hindi nila Siya nakilala. Kung alam nila ang mga Kasulatan, disin sana ay nakilala nila Siya. Ganiyan ang sabi Niya.

Ang sabi nila, "Mga alagad kami ni Moises!"

¹¹⁷ At ang sabi, "Kung kilala n'yo si Moises, makikilala ninyo Ako, sapagkat si Moises ay sumulat tungkol sa Akin." At sila ay bulag pa rin upang makita Ito!

¹¹⁸ Kita n'yo kung gaano kababa ang loob? Malayo sa lahat ng mga pangkat, at sa mga denominasyon, at sa mga kredo, at lahat na. Ang Diyos ay pumasok sa, sa laman, sa anyo ng isang Tao, isang Malapit na Kamag-anakang Manunubos.

¹¹⁹ Dapat siyang mapagkilanlang kasama Niya. Inanyayahan tayong maging mga anak ng Liwanag, na lumakad tayo sa Liwanag.

¹²⁰ Naaalala ko rito sa Kentucky, hindi pa katagalan, ako ay nagkaroon ng pagtitipon. Sa labas, pagkalabas ko ng simbahan, na may isang matandang lalaking nakatayo, na may hawak na ilawan. Kabilang siya sa isang iglesiang hindi nanampalataya sa pagpapagaling, at iba pa. At ang sabi, "Ako—ako ay iba sa iyo, Kapatid na Branham."

Ang sabi ko, "Aba, may karapatan kang gawin iyan."

¹²¹ Ang sabi niya, "Kita mo, hindi ko tatanggapin ang anuman malibang makita ko ito. Dapat kong makita ito, nang malinaw na malinaw."

¹²² Ang sabi ko, "Kung gayon nakita mo na ba ang Diyos, nang malinaw na malinaw, na nakatayo sa iyong harapan?" Mangyari pa, siya ay hindi naniniwala sa mga pangitain at mga bagay-bagay.

Ang sabi niya, "Hindi."

123 “Bakit,” ang sabi ko, “kung gayon hindi ka mananampalataya, ginoo. Hindi ako maaaring makipag-usap sa iyo. Kita n’yo? Kita n’yo? Nakikita namin kung ano ang ipinapangako ng Diyos at kami ay nanghahawakan doon.”

124 Ang sabi niya, “Paano mo iyan nagagawang buuin sa iyong isipan?” Ang sabi ko. . . Ang sabi niya, “Halika, sumama ka sa akin sa pag-uwi, at mag-usap tayo ngayong gabi.”

Ang sabi ko, “Hindi maaari; gusto ko sana. Saan ka ba nakatira?”

Ang sabi niya, “Tatawid ka sa bundok na ito rito.”

125 Ang sabi ko, “Paano ka makararating doon? Hindi mo nakikita ang iyong bahay.” A-ha. A-ha. Oo. Oo.

Ang sabi niya, “Aba, may landas na bumabagtas patawid ng burol.”

Ang sabi ko, “Hindi mo nakikita ang landas.” A-ha.

Ang sabi niya, “Aba, may ilawan ako.”

126 Ang sabi ko, “Hindi aabot ang liwanag ng ilawan hanggang sa bahay mo. O, hindi. Ngunit ang landas na iyan ay gagabay patungo sa bahay. Ngunit ang ilawang iyan ay magliliwanag lang para sa isang hakbang sa isang pagkakataon.”

127 Tayo’y lalakad sa Liwanag, ang marikit na Liwanag; isang hakbang sa isang pagkakataon, Panginoon, papalapit nang papalapit sa Kaniya. Siyanga. Mga anak ng Liwanag, tanggapin ang Kaniyang Salita, magpatuloy sa paglalakad at masdan ang higit pang mailalahad. Huwag iwan Ito, anuman ang sabihin ng iba. Manatili kayo Riyan at patuloy lang na lumakad kasabay Nito, masdan n’yo Itong naglalantad at nagpapahayag ng Kaniyang Sarili. Ang Salita ay isang Binhi; ang isang binhi na nasa wastong uri ng lupa ay magluluwal ng kauri nito.

128 Pansinin ang Apocalipsis 10:1 hanggang 7, ang lahat ng mga hiwaga ay maihahayag sa Nobya, sa pamamagitan ng mensahero ng iglesiang Laodicea. Mayroon ba sa inyong may Bibliang Bagong Salin? Kung mayroon kayo, mapapansin ninyo roon kung saan sinabi nito, “ang anghel,” ito’y nasa loob ng saknong na nagsasabing, “ang agila.” Kita n’yo? A-ha. A-ha. Kita n’yo? Ang mensahero sa Iglesiang Laodicea, kita n’yo, Apocalipsis 10:1 hanggang 7.

129 At sinabi niya na itong. . . sa araw na iyon na nakita niya Siyong bumaba, at kinain niya ang munting aklat. At nagkaroon ng. . . “Itinuntong Niya ang isang paa sa lupa, at ang isa sa dagat, at sumumpa sa pamamagitan Niyaong nabubuhay, magpakailan, at kailanman, na, ‘Ang panahon ay hindi na magluluwat.’” At nang gawin Niya ito, may Pitong Kulog na umugong. At pagkaugong ng Pitong Kulog, sinabi ni Juan na isusulat sana niya. At sinabi Niya, “Huwag mo Itong isulat.” A-ha. Kita n’yo? At Ito ay tinatakan niya.

130 Ngayon, may isang nagsabi, “Buweno, ang Pitong Tatak na iyan, kung gayon, Kapatid na Branham, iyan ay maihahayag sa huling mga araw, isang dakilang hiwaga kung paano tayong higit na magiging malapit sa Diyos?” Hindi po, hindi ito maaari.

131 “Ang sinumang magbawas ng isang Salita mula sa Bibliang ito, o magdagdag ng isang salita Rito, ang kaniyang bahagi ay aalisin, sa Aklat ng Buhay.” Kung ano ito ay ang kapahayagan tungkol sa kung ano ang nalampasan noon, na maihatid. Ito’y nakasulat na *Rito*. Ito’y naririto. Ito’y maghahayag kung ano yaong naisulat na. Kita n’yo? Dahil hindi kayo maaaring magdagdag ng isang bagay Dito, o magbawas ng isang Salita mula Rito.

132 Ang unang kabanata ng Apo— . . . ng—ng Biblia, sa pasimula, sa Genesis. Hindi sa hindi Ito pinananampalatayanan ng isang babae, kundi mali ang kaniyang pagpapakahulugan, hinayaan niya si Satanas na magpaliwanag ng mali sa kaniya, ng isang salita, “tunay.” Kita n’yo? At pagkatapos, mula roon, nagdulot ng lahat ng mga kaguluhang ito. At yaon ay ang Diyos na nangungusap, ang Salita ng Diyos.

133 At sa huling kabanata ng Apocalipsis, si Jesus, Mismo, ang siya ring Diyos, ang nagsabi, “Ang sino mang magbawas ng isang Salita, o magdagdag ng isang salita Rito.”

134 *Ito* ang buong kapahayagan ni Jesus Cristo. [Tinapik ni Kapatid na Branham ang Biblia niya—Ed.] At ang Pitong mga Tatak ang nagtago ng mga hiwaga, ng kung ano ba ang lahat ng Ito; at Ito ay dapat na mabuksan sa huling araw, sa kapanahunan ng Laodicea, sa dulo ng panahon. Salamat sa Diyos! Iyan ang tatapos ng Mensahe ng Iglesia. Iyan ang tatapos Nito. Kapag sila ay lumingong pabalik at nakita kung ano ang naganap, at nakita kung saan na ito nakarating, iyan ang tatapos Nito, ng kapanahunan ng Iglesia.

135 Ngayon pansinin n’yo ang mga trumpeta na binabanggit natin, ay isang panawagan upang magtipon para sa isang kapistahan, para sa pakikipagbaka, para sa isang tao, isang sagradong araw, o isang bagay na tulad niyan. Pansinin. Ang sabi n’yo, “Para sa isang tao?” Siyanga. O kaya, para sa taon ng jubileo, ang pag-aanunsiyo ng pagdating ng kalayaan, kung kailan sila ay makababalik; ngayon, magugugol natin ang isang buong umaga sa isang bagay lang na iyan. Ngunit, ngayon ay tutungo tayo sa mga trumpeta. Mayroon na kayo ngayong panlikod na larawan ng mga Tatak ng Iglesia, tayo’y tutungo na ngayon sa trumpeta. Ang trumpeta ay tumunog, at ang trumpeta ay nangangahulugan ng pakikipaglaban, araw ng kapistahan. O, ano ang ibig sabihin nito, ay, “isang pagtitipon-tipon ng mga tao,” ang *trumpeta*.

136 Ang sabi ni Pablo, “Kapag ang trumpeta ay nagbigay ng tunog ng walang katiyakan, sino ang makapaghahanda

sa pakikipaglaban, o sa kapayapaan, o anuman ito?” Sino ang nakakaalam? Kailangan ninyong makilala ang tunog ng trumpeta.

¹³⁷ Kaya nga, kapag tumunog ang trumpeta, nakikita natin ang isang bagay sa lupa ngayon. May malaking kaguluhan kung saan. Alam ito ng lahat. Ang bawat isa ay natataranta. Ang buong daigdig ay natataranta, at alam nating may bagay na mali. Sa Pentagon, kahit saan, alam nating may bagay na mali.

¹³⁸ Ngayon, ang tanging paraan upang malaman n'yo ang tunog ng trumpeta, ay ang tumingin kayo sa kung ano ang sinasabi ng Piyesa ng Musika. Kita n'yo? Iyon lang. Ito'y isang dakilang tugtugin, kita n'yo, at pagkumpas.

¹³⁹ Katulad ng, *Si Pedro at ang Lobo*, kita n'yo, kapag kayo. . . Kung ang. . . At ang—ang kompositor ang sumulat ng aklat, at ang direktor ay kinakailangang mapasa katulad na diwa ng kompositor. Kung hindi, mali ang kumpas na ibibigay niya, at pagkatapos ang kabuuan nito ay mawawala.

¹⁴⁰ Iyan ang problema ngayon. Masyado tayong maraming mga direktor na. . . wala sa Espiritu ng Kompositor. Ang sabi niya, “Ang denominasyon, aba, naniniwala kami *rito*.”

¹⁴¹ Anuman ang sabihin n'yo, ang Biblia ay tama. Ikumpas n'yo ito nang ayon sa Piyesa ng Musika na nasa harapan nito, kung magkagayon ang dakilang tugtugin ng dakilang yugto ng Diyos ay naisasadula nang tama, at makikita natin ang oras at kung saan tayo nakatayo.

¹⁴² Ngayon pansinin, ang trumpeta ay upang tipunin ang mga tao, sama-sama silang tipunin para sa isang bagay. Minsan ito ay nagpapatalastas ng pagdating ng isang mahalagang tao.

¹⁴³ Katulad kay Jose, pinatutunog nila ang trumpeta, at si Jose ay lumalabas; na isang—isang sagisag ng “Dakilang Trumpeta” na pinag-uusapan natin, at tutungo tayo pagkaraan ng ilang sandali sa Isaias. Na nagsasabing, “Kapag ang Dakilang Trumpeta ay tumunog, kapag ang watawat ay naitaas, doon; at pagkatapos ay darating ang oras kung kailan hihipan ang Dakilang Trumpeta, at ang lahat ng mga bansa ay matitipon sa Jerusalem.” Iyan ang pasimula ng Milenyum; ang Dakilang Trumpeta.

¹⁴⁴ Ngayon, ang pagtawag na ito, ng Pista ng mga Trumpeta, ay ang paglapit ng isang bagay. Pansinin n'yo ang Apocalipsis 8:7, kung nais n'yong isulat. Mapapansin natin na sa Unang Trumpeta, may nagkalat na granizo, dugo, at apoy sa ibabaw ng lupa; katulad na katulad ng sa Exodo, nang tinatawag ng Diyos ang kaniyang bayan palabas, sa isang exodo.

¹⁴⁵ Ngayon, ang dahilan kung bakit ang Pitong Mga Trumpeta na ito ay hindi nauukol sa Iglesiang ito at sa kapanahunang ito, dahil ito'y sa Israel lamang. Ito'y ang pagtawag, ang pagtipon sa

mga tao. At ngayon may isang kahalagahan lamang na naririto na nais kong maabot n'yo, sa ilang sandali, kung saan makikita n'yo kung bakit hindi ito nauukol sa kapanahunang ito na kinabubuhayan natin; ang Pitong mga Trumpeta.

¹⁴⁶ Alam kong maraming tao ang hindi sumasang-ayon diyan, subalit alam kong ito iyon. Nalalaman ko ito. Hindi dahil sa sinasabi kong ito ang sinasabi ninyo; dahil, hindi ko ito kinuha mula sa aking sarili. Ang aking—ang aking kaisipan ay hindi ko sarili. Anuman Itong nagsabi sa akin, kung Ito'y mali, kung gayon ito'y mali. Ngunit hindi ko ito sinasabi sa ganang akin, sinasabi ko ito sa pamamagitan ng kung ano ang sinabi niyaong Isa pa. Ang Isa pang iyon ay ang Diyos na nangusap sa atin at gumawa ng mga bagay na ito na Kaniyang ginawa, at nagpakita, kita n'yo, kaya alam kong ito'y tama.

¹⁴⁷ Ang—ang pagtitipon ng Israel ay ang mga Trumpeta. Ang mga Trumpeta ay upang tipunin ang Israel. Pansinin n'yo, ang pinaka Unang tunog ng Trumpeta; dugo, apoy, granizo, at lahat na, nangalat sa lupa. Kita n'yo? Ano ang ginagawa Niya? Inilalabas ang Israel mula sa espirituwal na Egipto, kita n'yo, pabalik sa kaniyang sariling bayan.

¹⁴⁸ Ngayon hayaan ninyong sabihin ko ito rito mismo, na, ang bawat Trumpeta na umihip, ay umihip sa Ika-anim na Tatak. Tutungo tayo ryan sa ilang sandali, kung saan natin nakuha ang Tatak doon. Ang lahat ng mga Trumpeta ay tumunog sa ilalim ng Ika-anim na Tatak.

¹⁴⁹ Dahil sa Ika-pitong Tatak, nagkaroon ng katahimikan. “Walang sinumang nakakaalam; iyon ang sandali o oras ng pagdating ni Cristo,” katulad ng pagkakahayag Niya nito sa atin.

¹⁵⁰ Subalit ang bawat trumpeta ay tumunog sa ilalim ng Ika-anim na Tatak, sa ilalim ng pag-uusig sa mga Judio. Pansinin, sa Apocalipsis ngayon, sa ika-8, at simulan sa ika-7 talata. Ang lahat ay ang pagtawag palabas mula sa Israel, sa natural, sa Egipto; ngayon ito'y ang pagtawag palabas sa Israel, sa espirituwal na katuturan. Inihahanda Niya sila sa pagtungo sa Pista ng Pagtubos.

¹⁵¹ Pansinin, ang pista ng mga trumpeta ang una, na siyang pentecostes. Sinundan ito ng pista ng pagtubos, pagkatapos ng limampung araw. Ang pista ng pagtubos, basahin ito rito. Marahil, siguro, kung may oras tayo, tatalakayin natin ito at babasahin sa inyo mula sa Biblia, dito sa Levitico 12, ngayon, o Levitico 23, nga pala, at Levitico 16. Nasumpungan natin na ang una ay ang pista ng—ng mga trumpeta. Ang pagtubos at ang . . . pagkatapos nito ay sinundan ng pentecostes, ngayon, nasumpungan natin . . . Ang pista ng pagtubos ay sumunod sa pista ng mga trumpeta.

¹⁵² Ngayon pansinin, isang Trumpeta ang tumunog, at iyon ay upang sama-sama silang tipunin. Ngayon, ang Unang Trumpeta ay umihip, nagkaroon ng granizo, dugo, apoy na isinaboy sa lupa, katulad na katulad noong sa Egipto, paghahanda upang sila ay tawagin sa Araw ng Katubusan. Kita n'yo? Tinanggihan nila ang Tunay na Katubusan. At ang mga taong ito na pinahaba hanggang dito, ay naging taon ng pentecostes. Kita n'yo? Ngayon ang pagtunog para sa mga Judio ang kasunod.

¹⁵³ Ito ay ang pagtawag-palabas sa Iglesia. Masdan ninyong maigi. Ngayon, na, pagkatapos, ay dinala Niya sila sa lupang pangako; na siya ring gagawin Niya, kung saan, sa simbulo, ay dinadala Niya ang Iglesia sa lupang pangako.

¹⁵⁴ Alalahanin, na ang bawat Trumpeta ay tumunog sa ilalim ng Ika-anim na Tatak, doon lamang ito tumunog.

¹⁵⁵ Pansinin ngayon, tugmang-tugma, ang pagkakadugtong-dugtong ng Kasulatan, magkatulad na magkatulad. Ang Ika-pitong Trumpeta, ay sa Israel kung paanong ang Ika-pitong Tatak ay sa Iglesia. Nasumpungan natin, sa Ika-pitong Tatak, na nang ang mga kaluluwang ito na naroroon sa ilalim ng dambana, ay tumanggap ng mga balabal. . . Pinagkalooban sila ng mga balabal, hindi dahil sa pinaghirapan nila ito, kundi dahil sila ay nasa dispensasyon pa nang ang Diyos ay nakikipag-ugnay pa rin sa mga Hentil sa pamamagitan ng biyaya, hindi sa mga Judio. Ang Israel ay ligtas bilang isang bansa. Nakikipag-ugnay ang Diyos sa Israel bilang isang bansa. Ang mga Hentil ay "isang bayan para sa Kaniyang Pangalan," hindi isang bansa para sa Kaniyang Pangalan. Ang Israel!

¹⁵⁶ At nang si Hitler at ang mga iba pa ay nagsipag-usig sa mga Judio, at gawin ang mga bagay na kanilang ginawa sa ilalim niyaon; tingnan n'yo, sina Stalin, Hitler, at lahat ng mga diktador na iyon na nangaglitawan. Kung may panahon sana tayo, na, upang ulitin ito sa mga baguhan, subalit dinaanan na natin ito. Sa panahon ding iyon, na nagkaroon doon sa Alemanya at—at sa iba pang mga bansa, ang mga Judio ay nagsipangalat sa buong sangkalupaan. Ngunit doon ay lumaganap, sa nakalipas na dalawampung taon, isang mapait na pag-uusig laban sa mga Judio.

¹⁵⁷ Nakarating na ako sa mga sinaunang lugar na iyon, kung saan ay sinilaban nila ang kanilang mga katawan, at sinunog ang kanilang mga bangkay at ginamit. . . ginamit ang kanilang mga abo bilang abono sa lupa; mga batang Judio, at mga kababaihan at lahat na. Pagkatapos ay pinagsisikapan nilang itanggi ito; dalhin n'yo sila at ipakita sa kanila kung saan ito naganap.

¹⁵⁸ Ito'y naging isang mapait na pag-uusig laban sa Israel, dahil ang mga panahong iyon ay naging pagtawag sa kaniya pabalik sa Katubusan. Siya ay nasa ilalim pa rin ng pagtubos ng natural na kordero. Ang Tunay na Kordero ng Diyos ay ang Katubusan,

at tinanggihan niya Ito, at ang Dugo ay napasa kaniya magmula noon. Pansinin n'yo, inihahanda ang mga tao! Gaano kasakdal kung gayon ang Ika-pitong Trumpeta at ang Ika-pitong Tatak, magkalakip, sa pag-uusig sa mga Judio.

¹⁵⁹ Pansinin, sa Apocalipsis ang ika-9 na kabanata at sa ika-13 talata, ngayon pansinin n'yong maigi, sa ilalim ng Ika-anim na Trumpeta. Apocalipsis 9:13, sa Ika-anim na Trumpeta, pansinin n'yo, may dalawandaang libong mga mangangabayo na nagapos sa ilog ng Eufrates, ang pinakawalan sa ilalim ng Ika-anim na Trumpeta. Ngayon walang dalawandaang libong mangangabayo sa mundo; subalit doon ay may dalawandaang libong mangangabayo. Pansinin n'yo ito. Nais kong isulat n'yo ito, upang mabasa n'yo ito.

¹⁶⁰ Hindi ito mga natural na kabayo. Bumubuga ang mga ito ng apoy, mayroon silang mga baluting jacinto, at—at sila ay may mga buntot. At ang dulo ng buntot ay kawangis ng isang serpente, isang ulo ng ahas sa dulo nito, at ito'y nananakit. Kita n'yo? Ito ay mga espirituwal na kabayo, espirituwal na mga diablo, mga mananalakay, na ginapos sa Eufrates sa lahat ng mga taong ito, mga diablong supernatural. Ano ito? Ang dating Emperyong Romano na muling nabuhay; ang pag-uusig sa mga Judio. Ginapos sila sa loob ng halos dalawang libong taon, sa ilog Eufrates, hindi makatawid patungo sa pangako; isang relihiyong sekta na nagsusumikap makatawid sa kabilang ibayo. Ang Eufrates, alam n'yo, ay lumalagos sa Eden. Subalit sila ay nakagapos doon, dalawandaang libong mga diablo ng pag-uusig.

¹⁶¹ At pansinin n'yo kung ano'ng nangyari sa ilalim ng Ika-anim na Trumpeta na iyan. Sila ay pinawalan sa mga Judio; ang pag-uusig sa mga Judio. Mga diablong supernatural, nagapos ng halos dalawang libong taon, pagkatapos ay pinawalan nina Stalin, Hitler, sa mga Judio. Sasabihin ninyo, "Aba, hindi iyan Romano." Iyo'y ang espiritu ding iyon. Ginawa nila ang gayon ding mga bagay na ginawa nito sa mga Cristiano, sa dating mga kaarawan ng paganong Roma. Ngayon masdan n'yo ang natural na Israel, at ang espirituwal na Iglesia, habang pinaghihiwalay natin ito rito. Pinawalan sa mga Judio.

¹⁶² Naaalala n'yo, sa ilalim ng Ika-anim na Tatak, kung paanong ang bawat isa sa mga martir na iyon, ayon—ayon sa Salita ng Diyos, ay tumanggap ng mga balabal. Ito ay ipinagkaloob sa kanila sa pamamagitan ng biyaya, sapagkat sila ay binulag upang hindi nila makita ang Ebanghelyo, nang sa ganoon ay matawag ang mga taong ito mula sa mga Hentil para sa—sa Nobya. Sila ay pinagkalooban ng mga balabal, sinasabi ng Biblia dito, sa ilalim ng Trumpeta na iyon. Ang mga Judiong iyon, na ganap na laban kay Cristo at lahat na; ang dahilan kung bakit sila ganoon, ay sapagkat sinabi ng Biblia na sila ay binulag. At sila ay binulag para sa kapakanan ninyo. At alam ng matuwid

na Diyos na tatanggapin nila Ito, subalit sila ay binulag para sa kapakanan ninyo. Sinabi ito ng Biblia.

¹⁶³ Naroon ang imperyong Romanong iyon, na iginapos doon ng (ano?) mga kapangyarihang eklesiastiko. Na, ang Roma, ang paganong Roma na naging maka-papang Roma, at nakagapos doon sa kaniyang mga tradisyong Cristiano. Ano'ng bahagi ng Cristiano, at—at ang mga pamahiing taglay nito mula sa Roma na pinaghalu-halo; pagsamba sa mga babae, at lahat ng iba pang uri ng mga basurang ito, at mga araw ng Pasko, at mga pista, at banal na mga araw, at mga bagay-bagay. Ito'y nagapos ng tradisyong iyan na hindi na ito makaalpas pa, dahil ito'y laban sa mga prinsipyong Cristiano. [Kumatok ng ilang ulit sa pulpito si Kapatid na Branham—Ed.] Ang dati pa ring masama at paganong espiritu! At ang espiritung iyan ay nakapasok na sa mga bansa ng daigdig ayon sa mga hula ni Ezekiel, at ng iba pa sa kanila.

¹⁶⁴ At sila ay pinawalan sa mga Judio, na walang anumang kaalaman tungkol sa Espiritu. Hayan ang inyong mga hiwagang natago sa ilalim ng Tatak na iyan. Kita n'yo? Pansinin n'yo ito. Dinaanang natin ito. At ipapakita ko sa inyo ang Trumpeta na ito, ang huling Trumpeta na ito kung ano ang naganap. Hayan sila. Ang mga Trumpeta na ito ay pinawalan sa mga Judio, (hindi ba ninyo nakikita?), hindi sa mga Hentil. Ang Hentil, nang mabuksan ang mga Tatak na iyon, ay sinelyuhan na; ang panahon ay tapos na; ang Iglesia ay natawag na.

¹⁶⁵ Naaalala ba ninyo ang pangitain noong nakaraang araw? Naaalala ba n'yo ang pag. . . ang paunang pagpapakita nito? Ilan ang nakakaalala, noong isang Linggo? Kung paanong dumating ito, nang akmang-akma. Nakita natin ito, akmang-akma, nakita natin ang marumi, malaswang bagay na iyon na lumitaw, na tinawag na iglesia, mga kalaswaan sa kasukdulan nito. At ang munting Nobya, mula sa bawat bansa, ang bawat isa sa kanila ay nakasuot ng animo'y kasuotan ng bansang pinagmulan nila, sadyang sakdal na lumalakad sa harapan ng Panginoon.

¹⁶⁶ Pansinin n'yo, may isang pagkakataon, minsan, na sasabihin nila, “Aba, akala ko ay lilisan ang Iglesia bago ang pag-uusig. Akala ko ay may Pag-agaw.”

“Naganap na ito at hindi ninyo ito namalayan.”

Iyan ang sinabi Niya kay Juan minsan, alam n'yo.

¹⁶⁷ Ang sabi, “Paanong, bakit sinasabi ng mga propeta na ang isang. . . ng mga eskriba na si Elias ay kinakailangang dumating muna?”

¹⁶⁸ Ang sabi Niya, “Siya'y dumating na.” At maging ang mga alagad ay hindi ito namalayan. “Ginawa nila sa kaniya ang kanilang inibig.”

169 Ang Pag-agaw ay magiging gayon din. Sa—sa isang oras na. . . Ipinangako Niyang gagawin Niya iyan. Hindi Niya ipinangakong ipakikita si Elias nang gayon, ngunit ipinangako Niyang kukunin Niya ang Nobya nang gayon. “Sa isang oras na hindi n’yo iniisip,” isa lamang pagbabago, sa isang saglit ng isang kispang-mata, ay aagawin. Pagkatapos kayo’y maiiwan, kung magkagayo’y iyon na ang panahon!

170 Sa loob ng dalawang libong taon, ang espiritung ito sa pamamagitan ng mga Romano, ang Romanong iglesia, ay hindi makakilos. Ngunit ang espiritu ring iyan ay lumabas muna, doon kay Mussolini sa Roma, ang diktador. Alam n’yo ang limang. . .

171 Pitong mga bagay ang ipinakita Niya sa akin, noong ’33, na magaganap. Lima sa kanila ang nangyari na. Si Doktor Lee Vayle ay sumusulat na ngayon ng isang aklat tungkol dito. Kita n’yo? Limang bagay, ganap na ganap, at dalawang bagay na lang ang magaganap. Ang sabi, “Ito’y magaganap bago ang Pagparito.” Naririto na tayo sa dulo, at tila ang Ika-anim na bagay ay paparating na. Kita n’yo? Ganap na ganap, tugmang-tugma maging ang mga digmaan at kung paano mangyayari ang mga ito, ay tugmang-tugma mismo, at hindi minsan man ito nagkamali.

172 Makinig kayo, mga kaibigan, kinakailangan nating mag-imbentaryo bawat oras. Hindi n’yo alam kung saan tayo nakatayo. Sadyang napakalapit na!

173 Ngayon, ngayon pinawalan niya, sa, sa ilalim ng Ika-anim na Tatak, ang dalawandaang libong espirituwal na mga demonyong ito, na nagsimula sa Roma, sa Alemanya, kay Hitler. At pansinin n’yo doon sa Biblia, kung saan nila tinanggap, hindi kailanman. . . Sila ay tumanggap ng kapangyarihan bilang mga hari, ngunit hindi sila pinutungan. Ang isang diktador ay hindi isang pinutungang hari; tumanggap lamang siya ng kapangyarihan bilang hari.

174 O, ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos ngayon sa akin, alam n’yo, may isang bagay lamang siyang sinasabi. Hindi ko alam kung paano ito sabihin, o kung ano ang sasabihin, at marahil ay mas mabuting huwag na lang.

175 Pansinin n’yo, dalawang li- . . . daanlibong mga demonyo ang pinawalan sa mga Judio ng iyon, nang sunugin nila sila, nang ipako nila sila sa krus. Nilagyan nila ng mga bula ang kanilang mga ugat. At pinagpapatay nila sila, hanggang maubusan na sila ng gas na pangkitil sa kanila. At pinagbabaril nila sila, hanggang sa sila ay maubusan na ng balang pamaril sa kanila. At kanilang—at ginawa nila ang lahat ng magagawa nila. Sinunog nila ang kanilang mga katawan, at lahat na; at ibinitin nila sila sa mga bakod, ang mga bata at lahat, mga inosenteng tao. Dahil sila ay mga Judio, gayon ang ginawa sa kanila. Ngunit ang sabi ng Diyos bibigyan Niya ang bawat isa sa kanila ng

isang balabal, hindi sila karapat-dapat; ngunit binulag sila, ng Kaniyang biyaya, upang tayo ang makakita.

176 Ang Ika-pitong Tatak ay hindi pa nabubuksan, alam n'yo. Iya'y ang Kaniyang Pagdating.

177 Kaya habang sila'y nasa ilalim niyaon, datapuwat, ipinapakita Niya sa atin dito, sa isang paunang pagpapakita. Katulad ni Juan, iniangat Niya siya.

178 At minsan, habang naglalakad siya sa dalampasigan, alam n'yo; ang sabi niya, "Paano naman ang lalaking ito na nakahilig sa Iyong dibdib?"

179 Ang sabi Niya, "Ano sa iyo kung siya ay manatili hanggang sa Aking pagdating?" Kita n'yo, hindi siya kailanman nanatili, ngunit iniangat Niya siya at ipinakita sa kaniya na, ang bagay na magaganap hanggang Siya'y dumating. Ipinakita lang sa kaniya, inilahad muli ang buong plano kay Juan.

180 Pansinin, nasumpungan natin ngayon na ang natural na kapangyarihang iyon na nakapa-ilalim sa natural, sa isang natural na bansa, ang Israel ay pinawalan doon. At ano'ng ginawa nito? Ito ay humayo at nakipaglaban, at ganoon na lang ito pumaslang at umusig.

Ngayon sa eklesiastikong daigdig nito!

181 Ako...kayo ba...Umaasa ako ngayon na bubuksan ng Diyos ang inyong mga mata tungkol dito. Pagkat, napagtatanto ko na ito ay nangungusap hindi lamang sa iglesiang ito. Ang teyp na ito ay lilibot sa buong mundo. At hindi ko layuning saktan ang damdamin ng sinuman, kundi ang sabihin lang ang Katotohanan.

182 Ngayon ang eklesiastikong daigdig ay nabuksan na, mula sa natural na rebaybal ng sinaunang paganong Roma, na nagtungo sa mga Judiong iyon, na noon pa man ay mga kaaway na nila. Ang leon, na may mga ngipin at lahat na, ay yumapak at nagwasak sa mga tao. At ang Roma, ay dati nang kaaway ng Diyos noon pa man! At ito ay pinawalan sa gayon ding espiritu, sa pamamagitan ng mga diktador ng mundo, sapagkat ang pangrelihiyong sistema ay nanghahawakan pa rin. Ngayon ito'y pinawalan.

183 Ano ang ginawa nito? Sa "katusuhan," gaya ng sabi Niya, siya ay darating na may taglay na mga labis na papuri. Ano ang ginawa niya? Dinadala niya ang Konseho ng Protestanteng Ecumeniko ng mga Iglesiang Pandaigdig, ang espiritu ng anticristo sa kanilang dalawa, upang dalhin sila sa katayan, tulad na lang nang ginawa nila doon sa isa, sa oras ng pagtawag sa Nobya. Paano? Humulagpos sa eklesiastikong espiritu ng iglesia. Humulagpos para saan? Hindi para sa mga denominasyon; para sa Nobya! Subalit dito ay mauunawaan ninyo, na ang Nobya ay hindi daraan sa panahong iyan. Biblia

ang may sabing hindi. Ang iglesia'y daraan, ngunit hindi ang Nobya. Hindi ba ninyo nakikita? Mga ministro, hindi ba ninyo nakikita, mga kapatid?

¹⁸⁴ Sasabihin n'yo, "Ang Iglesia ay kailangang dumaan sa pag-uusig, para sa—para sa ikasasakdal Nito." Ang Dugo ni Jesus Cristo ang nagpasakdal sa Nobya.

¹⁸⁵ Ang isang lalaking pumipili ng babaeng mapapangasawa ay hindi siya pararaanin sa maraming parusa; nakasumpong na rin, ang lalaki, ng biyaya sa kaniya; ang babae'y nakasumpong ng biyaya sa kaniya. Siya—siya ay nakikipagtipan sa kaniya. At, kung mayroon man siyang gagawin, iingatan niya siya sa lahat ng dako upang hawakan ang kanyang kamay. Napakadakila ng Kaniyang biyaya sa kanila.

¹⁸⁶ Kung kaya't magiging ganoon din sa Nobya, at ganoon din ito sa Nobya. Tayo'y mga hindi karapat-dapat na nilalang, na nauukol sa impiyerno, ngunit hinahawakan tayo ng Kaniyang biyaya sa lahat ng ito. Tingnan n'yo kung gaano karami ang ligaw at bulag! Gaano karami, gaano karami ang mga makasalanan sa mundo, nang oras na ako ay maligtas! Iniligtas ako ng Diyos para sa isang layunin; at ako'y determinado, sa pamamagitan ng Kaniyang kalooban, na gawin ang layuning iyan. Hindi mahalaga sa akin kahit ano pa ang mangyari; nais ko itong gawin.

¹⁸⁷ At sa oras na makita ko ang lahat ng mga iglesia, ang kanilang dakilang panghalina, "at mayaman, at hindi nangangailangan ng anumang," ang sabi nila; at makita silang maralita, aba, bulag; pagkatapos ay tatapikin kayo sa mga balikat ninyo, nais n'yo bang makipagkompromiso sa kanila. Ako ay isinilang dahil sa isang layunin, ang ikundena ang bagay na iyon at manawagan palabas. Ito ang aking ginagawa.

¹⁸⁸ Alalahanin, nang pumarito si Jesus sa lupa, walang ika-isandaang bahagi ng mga tao ang nakaalam na Siya ay narito. Siya'y dumating upang kunin ang hinirang na lupong iyon. Ang sabi, "Walang taong makalalapit sa Akin malibang siya ay palapitin ng Aking Ama. At ang lahat ng ipinagkaloob," pangnagdaan, "ipinagkaloob sa Akin ng Ama ay magsisilapit. Malalaman nila ito. Maririnig nila Ito."

¹⁸⁹ Pansinin, ang pagpapakawala sa eklesiastikong espiritung ito. Ngayon, dalawampung taon ang nakalipas, pagkatapos ng digmaang iyon, makikita natin ang pagpapakawala ng eklesiastikong espiritu. Sa ilalim ng ano? Ng Ika-pitong Tatak; ang Ika-pitong Trumpeta sa Judio.

¹⁹⁰ Tingnan ang pagdidilim ng buwan. Sa ilalim ng ano? Tingnan kung paano ito naiguhit, ang Anak ng tao ay itinulak palabas mula sa iglesia.

¹⁹¹ Ano ito? Ang pagsapi sa lupong pang-eklesiastiko. Ang— ang kilusang ekumeniko, at kasama ng sa Pandaigang Konseho

ng mga Iglesia, ang nagtulak sa bawat taong...Ano ang pinaninindigan ng bagay na iyan? Bakit, kailangan ninyong isuko ang lahat ng inyong mga katuruang ebangheliko at mga bagay-bagay. “Paanong makalalakad na magkasama ang dalawa ’libang sila ay magkasundo?” Hindi nila magagawa. Ang sabi ni Jesus, hindi nila magagawa. At paanong magagawa ng isang iglesia, ng Metodista at ng mga Baptist na lumakad nang magkasama? Paanong makalalakad ang Church of Christ na kasama ang mga Prebyterian? Paanong makalalakad ang Catolico nang kasama ang Protestante? Paanong makalalakad ang Protestanteng kasama ang Protestante?

¹⁹² Ngunit magagawa ng Nobyang lumakad kasama ng Salita, na si Cristo. Kinakailangan Nitong makipagkasundo. Hindi sa sistemang eklesiastiko; kundi sa Salita. Kailangan mong sumang-ayon sa Salita, upang makalalakad na kasama ng Salita. Ganiyan ang sabi ni Jesus. Iyan ang nagwawasto nito.

¹⁹³ Pansinin, naroroon na siya ngayon. Siya’y pinawalan, upang tawagin ang lahat ng munting mga dulong buhaghag na ito. “O, buweno, wala naman itong ipinagkaiba.”

¹⁹⁴ Iyan ang sinabi ni Satanas kay Eva, “Wala namang ipinagkaiba. Ito’y tama lang. Tunay, na ang Diyos ay isang mabuting Diyos. Mahal Niya tayong lahat.” Hindi.

¹⁹⁵ Naririnig ninyong palagi ang tungkol sa pagiging mabuti ng Diyos. Siya ay isang mabuting Diyos, subalit, sa pagiging mabuti, kinakailangan Niyang maging makatarungan. Walang kabutihang walang katarungan. Walang katarungang walang batas, walang kaparusahan, kabayaran. Kaya tayo’y nasa oras nang iyan, na ating kinabubuhayan.

¹⁹⁶ Pansinin, madali ngayon, ang mga supernatural na mga demonyong ito. Pagkatapos, sa ilalim ng—ilalim ng pagtangkilik ng United Nation, pinagsama ang mga Kalipunan, ng Silangan at Kanluran.

¹⁹⁷ Katulad lamang ng kanan at kaliwang paa ng imaheng nakita ni Daniel, kung paanong hindi nila magawang magkasundo at humalo sa isa’t-isa. At ang salitang Eisenhower, sa panahong iyon . . . ang ibig sabihin ng *Eisenhower* ay “bakal.” Ang *Khrushchev* ay nangangahulugang “putik.” At hinubad niya ang kaniyang sapatos at inihampas ito [Kumatok si Kapatid na Branham sa pulpito—Ed.] sa mesa sa . . . nang ang Samahan ng mga Bansa, o ng U . . . sa UN. Ginawa ito ni Krushchev, inaalís ang alikabok ng . . . Oh, naku! Ang oras na ating kinabubuhayan! Ang iglesia at ang kalagayan nito!

¹⁹⁸ Subalit, salamat sa Diyos, naihanda na ng munting Nobya ang Kaniyang sarili. Hindi na magtatagal. Manghawakan lamang. Hindi na magtatagal. Hindi ko alam kung gaano katagal, hindi ko alam kung kailan; walang sinumang

nakakaalam niyan. Subalit alam nating ito’y napakalapit na, tunay.

¹⁹⁹ Masdan ang ecclesia. Masdan iyan, ang natural, ano’ng ginawa nito sa mga Judio. Iyon ay mga taong nanghawakan sa mga kautusan ng Diyos. Gaano man karami ang mga iglesiang naglitawan, at iba pa, sila ay binulag kay Cristo, at nanghawakan sa kautusang iyon. At pinagkalooban sila ng Diyos ng balabal, bawat isa sa kanila, ‘pagkat sila ay namatay sa pagkamartir. Kita n’yo? Sila’y—sila’y. . . Sila ay binulag para sa ating kapakanan.

²⁰⁰ Narito ngayon, ang Iglesia, na walang ibang alam kundi ang Biblia. Anuman ang sistemang eklesiastiko, denominasyon, wala silang anumang alam tungkol dito. Ang lahat ng ito ay banyaga sa kanila. Kilala nila Siya, at Siya lamang.

²⁰¹ Ang mga tao ngayon ay tila tulad nina Pedro at ng mga iyon noon, sa Bundok ng Pagbabagong-anyo. Napasigla sila ng husto nang makita nilang naganap ang sobrenatural, at ang sabi ng isa ay, “Gagawa tayo ng simbahan ng—ng mga propeta, at ang isa ay kay Moises.”

²⁰² At ganiyan ang ginawa ng mga tao, ng mga Pentecostal. Ang sabi nila, “Gagawa tayo ng isa, Assembly of God; at ng isa, Church of God; at ng isa, Oneness; at ng isa Twoness,” at iba pang tulad niyan.

²⁰³ Subalit samantalang siya ay nagsasalita pa, si Jehovah ay sumigaw, “Ito ang Aking sinisintang Anak,” na Siyang Salita, “dinggin n’yo Siya!” Kita n’yo? Siya ang Salita.

²⁰⁴ Ang oras na ating kinabubuhayan, ang mga eklesiastiko, ang mga espiritu ay nagbubuklod-buklod ngayon at dinadala silang lahat sa isang malaking katayang ito upang pawiin. Ito’y isinusulat na rito, sa bansang ito ngayon, na ang mga iglesiang ito ay dapat isara malibang kayo’y kasapi sa organisasyon. Ito’y isang unyon, ito’y isang boykot, katulad na katulad ng tatak ng halimaw.

²⁰⁵ At ngayon kita n’yo kung ano ang halimaw, hindi ba? Ito’y isang kapangyarihan. At isang kapangyarihan, isang kapangyarihang eklesiastiko, ang sabi ni Jesus, “Ito’y magiging kamukhang-kamukha ng tunay na bagay, na kung maaari ay dadayain kahit ang Pinaka Hirang.” Subalit Siya ay nangako na magkaroon ng isang bagay para sa atin sa araw na iyon, upang hindi tayo madaya, at iya’y ang Salita, at si Cristo upang maipahayag Ito sa atin. Sila’y mga sobrenatural, mga diablo, hindi nakikita ng mata, subalit makikita n’yo kung ano ang kanilang ginagawa. Kita n’yo?

²⁰⁶ Pansinin, habang ang lupong iyon ay nangangabayo, at inihahanda ang kanilang mga sarili upang durugin ang lahat ng hindi sasang-ayon sa kanila, may isa pang lupong maihahanda, makaraan ang ilang panahon, Apocalipsis 19. Nang muling

marinig ang Iglesia, ay dumating din Siya, hindi nga lamang lulan ng mga kabayo, kundi ang sabi ng Biblia, “Siya ay nakasakay sa kabayong puti, at ang hukbo ng Kalangitan ay sumusunod sa Kaniya na nangakasakay sa mga kabayong puti.” Iyan ba ay tama?

²⁰⁷ Samantalang ang lupong ito rito ay may dalawang libong nakatali sa ilog Eufrates, at nakagapos sa loob ng dalawang libong taon, gayon din ginapos ng iglesiang iyon ang Espiritu Santo sa loob halos ng dalawang libong taon, sa panahon ng mga martir noon, at sa mga kapanahunan ng iglesia. Ito’y iginapos, hindi sa ilog Eufrates, kundi sa pintuan ng mga kredo at dogma, hanggang sa ang Espiritu Santo ay hindi na makagawa sa iglesia dahil sa mga sistemang gawa ng tao. Subalit Siya ay palalayain, Siya ay babalik, iyan ang sinabi ng Kasulatan. At ang dalawang iyon ay magtatagpo sa pook ng labanan, sina Lucifer at Miguel muli, katulad nang sa pasimula. Sila’y nagapos sa loob ng dalawang libong taon halos—halos dalawang libong taon.

²⁰⁸ Hindi ganap na dalawang libo, ’pagkat ang mga Romano ay nagpatuloy, si Titus noong A.D. 96, at nagpatuloy ng ganiyan, pinagpapatay ang mga Judio. Ang mga Romano! Sino ba ang pumatay sa mga Judio? Sino si Titus? Isang Romanong heneral. At ang dugo ay dumaloy palabas ng mga pintuang daan doon hanggang sa . . . o, at pinagpapatay sila, ang mga kababaihan, mga bata, at lahat na. Hindi ba sinabi sa Ezekiel 9 na gagawin nila iyan? “Dumaan ka sa kalagitnaan ng lungsod at maglagay ka ng tanda sa mga taong nagbubuntong hininga at nagsisidaing,” ang—ang Espiritu Santo. At ang iba pa sa kanila, “ang lalaking tagapaslang ay lumabas,” na dapat sana’y nagapos na; pigilin mo sila, pigilin mo sila hanggang sa sila’y lumabas at pinaslang ang lahat na nangaroroon. Mga mumunting kababaihan, mga babae, mga bata, mga sanggol, at lahat ng iba pa, lahat sila ay pinatay. Tumpak.

²⁰⁹ Naririto itong muli, ito’y nauulit. At narito ang sistemang eklesiastikong iyon na nagbabalik, pinapalis, niyayapakan ang lahat ng tinatawag na Diyos. O, taglay nila ang kanilang mga sistema at organisasyon, at denominasyon, subalit iyan ay walang kinalaman sa Biblia. Sasabihin nila kaagad sa inyo na ni hindi sila naniniwala Rito. Opo, “Sabihin kung ano ang sinasabi ng iglesia.”

²¹⁰ Ang mahalaga’y ang sinabi ng Diyos! Iyan ang Salita. Ang Nobya ay kalakip ng mga Salita; sila’y Iisa. Paano sila maaaring maging Isa? Kapag ang Salitang iyan, na isinulat Doon, ay mapasa iyo, at gawing—pinapaging Isa ikaw at ang Salita. Iyang-iyang ang Kaniyang ipinangako.

²¹¹ Kung magkagayon, Ito ay naipaliwanag na. Ang Diyos ay hindi nangangailangan ng tagapagpaliwanag. Sinasabi nilang, “Aba, ipinapaliwanag namin ito nang *paganito*.” Wala

kayong karapatang magpaliwanag ng anuman. Ang Diyos ang gumagawa ng Sarili Niyang pagpapaliwanag. Sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon ng liwanag. Sino ang magpapaliwanag niyan? Ang sabi Niya, “Isang dalaga ang maglililihi,” at siya ay naglihi. Iyan ay hindi nangangailangan ng sinumang tagapagpaliwanag; ito’y naipaliwanag na. Sinabi ng Diyos na ang bagay na ito ay mangyayari sa araw na ito, at ito’y gayon nga. Hindi Ito nangangailangan ng tagapagpaliwanag. Pinapaliwanag Nito ang Kaniyang Sarili. Oh, naku!

²¹² Apocalipsis 9:1, sa ilalim ng Ikalimang Trumpeta, ang kanilang hari. . . Pansinin, ang Apocalipsis 9:1 ngayon, ang hari ng dakilang grupong ito ng dalawang daang libong mga kabayo. Mayroon silang hari na namumuno sa kanila, at kung papansinin natin, ito ay isang nahulog na tala. “Ano at nahulog ka mula sa Langit, O Lucifer?” O, ganoon na lamang ang pagkalito ni Duktur Smith doon, subalit, walang anuman iyon, kita n’yo, hindi ito inilaan para sa panahon niya. Kita n’yo? Mabuti. “Ang kalaliman; ang kanilang hari ay ang hari ng kalaliman.”

²¹³ Apocalipsis 17:8. May sinulat akong isang bagay dito. Babasahin ko lang ito. Makikita ninyo rito, Apocalipsis 17:8. Gusto kong makita kung ano ang sinasabi nito rito, ‘pagkat hindi ko alam kung paanong tutumbukin itong kasunod, 17:8.

At ang halimaw na nakita mo ay naging Siya, at wala na; at malapit ng umahon sa kalaliman, at patungo sa kapahamakan: at silang mga nananahan sa lupa ay manggigilalas, na ang kanilang mga pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay—ng buhay mula nang itatag ang sanlibutan, pagkakita nila sa halimaw na naging siya, na wala na, at darating.

²¹⁴ Kita n’yo, “naging siya,” ang isang papa ay mamamatay, iba naman ang luluklok. “Ang Halimaw na naging siya, na wala na, na siya ngayon; na wala na, na siya ngayon.” Huwag baguhin ang pagkakaayos nito, ito’y papa, sa gayon ding panahon, at lahat na. At lahat ay kailangang pumasok sa gayon ding sistema.

²¹⁵ At ito ay magtutungo saan? “Sa kalaliman.” At sinabi rito ng Biblia, na, “Ang pinuno ng mga ito ay mula sa kalaliman, at iyon ang kanilang hari,” at siya ay nakaupo na may tatluhang putong, at pinagsasanib ang mga Protestante sa kaniya.

²¹⁶ Narinig ko ang isang paring Lutheran na nagsabi, noong makalawa, ang sabi. . . o, isang mangangaral na Lutheran, ang sabi, “Buweno, tinatanong ako ng mga tao kung bakit nagsusuot ako ng—ng may kuwelyo. Paano nila masasabi ang kaibahan ko sa. . .” Naroon ka ba? [Isang kapatid ay nagsabi, “Oo”—Ed.] Oo. At hindi ba iyon ay katawa-tawa? Ako—ako ay halos masuka, nilisan ko ang plataporma. Ang sabi nila, “Sapagkat, hindi sila dapat magkaroon ng kaibahan.”

217 Kung maririnig iyon ni Luther, ni Martin Luther, siya'y babalikwas sa kaniyang libingan, at magsasabing, "Kayong mga mapagpaimbabaw, hindi ko kayo kauri." A-ha. Kita n'yo?

Subalit alam ba ninyo kung saan na ito humantong? "Wala nang kaibahan."

218 Mayroong kaibahan. May kaibahan maging sa indibiduwal. Sinabi ng Diyos, "Ibukod ninyo sa Akin sina Pablo at Bernabe," iya'y tama, "para sa gawain." Ibukod! Ang Diyos ay tagabukod, hindi tagahalubilo. Isang taga . . . Ang iglesia ay nagnanasa ng isang magaling makihalubilo, ngayon, na papayagan silang magsuot ng damit pampaligo, at mga syorts, at lahat ng iba pa, at lumabas at magwala ng ganoon. Subalit sinabi ng Diyos, "Ibukod ninyo sa Akin!" Ihiwalay ninyo ang inyong sarili mula sa sanlibutan!

219 Sa Apocalipsis, nasumpungan natin dito, na, "ang kanilang hari ay galing sa kailaliman," at siya ring "nagtungo sa kapahamakan," papasok at palabas, papasok at palabas, lumabas.

220 Pansinin sa Levitico, ika-23 kapitulo, kung gaano kasakdal ang pagpapaliwanag sa pagkakaayos ng Salita, sa kung ano ang ating pinagsisikapang ibigay ngayon. Masdan ito ngayon, ang pagkakaayos. Ngayon, mapapansin natin. Buksan lang natin at basahin iyon sandali. Sa Ecclesia . . . hindi sa Ecclesiastes, kundi sa Levitico. Levitico 23, pansinin ito ngayon dito, ang ika-23 kabanata ng Levitico ngayon. At hindi natin nais na malampasan ito ngayon, upang makuha natin ito nang ayon na ayon sa pagkakasulat ng Panginoon dito para sa atin. Hindi ko talaga makikita ang Levitico sa Exodo, 'di ba? Mabuti, ngayon sa Levitico. "Ang Panginoon . . ." ika-23.

. . . sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,

Salitain mo sa mga anak ni Israel, na iyong sabihin, Sa Ika-pitong buwan, sa unang araw ng buwan, ay magkakaroon kayo ng takdang kapahingahan, na pinakaalaalang may pag-hip ng mga trumpeta, at isang banal na pagpupulong nga. Kita n'yo?

Kayo'y gagawa . . . ng anumang gawang paglilingkod: subalit hindi kayo maghahandog . . . mga paghahandog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy.

. . . at kayo'y maghahandog ng handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy.

221 Ngayon masdan. Ngayon pansinin.

At sinalita ng Panginoon . . . Moises, na sinasabi,

Gayon din sa ikasampung araw nitong Ika-pitong buwan ay magkakaroon ng isang araw ng pagtubos: . . .

222 Kita n'yo, ang pagtubos ay sumunod sa . . . Masdan ngayon. Ang pagtubos ay sumunod sa pagtunog ng trumpeta. Kita n'yo? Napakaganda! Kita n'yo? Ang araw ng pagtubos ay sumunod sa trumpeta.

223 Ngayon—ngayon, ang limampung araw ng mga trumpeta, para sa atin, ay sumisimbulo sa pagtunog ng trumpeta sa Pentecostes, na siyang limampung araw. Ngayon—ngayon—ngayon, pagkatapos nito, tinanggihan Iyon ng mga Judio.

224 Ngayon ang mga Trumpeta ay, upang tawagin sila pabalik sa Pagtubos na iyon, kita n'yo, ang Pagtubos na kanilang tinanggihan. At sila'y tumanggi upang ang ating mga mata ay mabuksan; ang sa kanila ay naipinid. At sa panahong ito, ang mga Tatak na ito ay bumukas, at ang—ang—ang mga Trumpeta ay umihip. At ngayon, sa pag-hip ng mga Trumpeta, bago dumating ang Mesias, 'pagkat kinakailangan nilang mapasa Palestina. At alalahanin ninyo na kinailalang patigasin ng Diyos ang puso ni Faraon, upang palayasin sila sa Egipto; at pinagmatigas Niya si Stalin, Mussolini, at lahat ng iyon, upang sila ay pabalikin sa lupang pangako, kung saan ang isang daan at apatnapu't apat na libo ay dapat maparoon.

225 At ngayon, sa unang pagkakataon sa loob ng libu-libong taon, dalawampu't limang daang taon, ang Israel ay isa na namang bansang may sariling watawat, sariling hukbong sandatahan, at lahat, at ito'y kinikilala sa—sa U.N. Ito ang kauna-unahang pagkakataon. Ang pinakamatandang watawat na naiwagayway sa lupa, sa panahong ito, ay muling naiwagayway, ang limang . . . ang tala ni David na may anim na tulis. Sinabi Niyang itataas Niya ang insigniang iyon sa huling mga araw, kapag siya'y pabalik na. Nasa wakas na tayo. Sadyang wala nang pag-aalinlangan tungkol dito. Narito na tayo.

226 Pansinin ngayon, madali, Apocalipsis 9, sa ilalim ng pitong trumpeta, “ang kanilang hari ay galing sa kailaliman.”

227 Pagkatapos doon sa Levitico, napakasakdal ng pagpapaliwanag dito sa Salita! Sapagkat, kita n'yo, kasunod na kasunod, ang jubileong Pentecostes ay sinundan ng araw ng pagtubos; ang pagkakaayos ng panahon ng kapistahan. Sa pagitan ng pista ng pentecostes, hanggang sa pagtubos, ang pagtunog ng mga trumpeta para sa pagtubos, ay ang pista ng pentecostes, ang mahabang palugit ng panahon. Tingnan, may mahabang palugit ng panahon sa pagitan ng pista ng pentecostes, hanggang sa pagtawag ng—ng trum . . . sa pagtunog ng mga trumpeta, ang—ang mga trumpeta ay patutunugin; isang mahabang palugit ng panahon. Sa tahasan, ito ay limampung araw, mula sa—mula sa—mula sa pista ng pentecostes hanggang sa pista ng pagtubos, limampung araw. Ngayon, ang limampung araw ay ganap na pitong mga kapahingahan.

228 At ang pitong mga kapahingahan ay ang pitong mga taon ng iglesia, mga Kapanahunan ng Iglesia. Nakuha ba ninyo? Kita n'yo? Kita n'yo? Ngayon, ang mga Judio ay nabulagan, naghihintay sa buong panahong ito, habang ang mga Unang bunga ng pentecostes ay ibinubuhos sa Iglesia. At tayo'y nagdaan na sa mga kapanahunan ng martir, at sa kapanahunan ng mga reformer, at ngayon sa kapanahunan ng pagtawag-palabas; tatlong bahagi, gayon ding Espiritu; katulad ng Ama, Anak, at Espiritu Santo, na Siya rin. Kita n'yo? Subalit, ang Pitong mga Kapanahunan ng Iglesia, bilang pitong mga kapahingahan.

229 Ganap na pitong mga kapahingahan mula sa—mula sa jubileong pentecostes na trumpeta... isang kapistahan ng pentecostes, hanggang... Ang pagwawagayway ng unang bunga, at pagkatapos ay ang jubileong pentecostes. At pagkatapos mula sa jubileo hanggang sa pagtubos ay ang pitong mga kapahingahan, limampung araw, at sa dulo ng limampung araw ay—ang pagtubos ay ginaganap. Nakukuha ba ninyo ito? Ngayon, ito ay naging isang tipo, na ang Iglesia. . .

230 Nang Siya ay mahayag, ang Kaniyang Sarili, bilang Anak ng Diyos, nagpapahayag Siya sa Iglesia sa bautismo ng Espiritu Santo, sa loob ng mga kapanahunan, sa—sa kapanahunan ng pentecostes, kita n'yo. Patuloy lamang na padagdag nang padagdag; pag-aaring ganap sa ilalim ni Luther, pagpapakabanal sa ilalim ni Wesley, bautismo ng Espiritu Santo.

231 Ngayon narito na ang panahon ng pagtawag-palabas. Sa Ika-anim na Tatak, nang ito'y—nang ito ay mabuksan, tinamaan ng pag-uusig ang mga Judio, sa isang literal na katayuan; at narito naman at parating ang pag-uusig sa iglesia, sa eklesiyastikang katayuan; sapagkat, ang Nobya ay natawag na. Ang mga kapahingahan ay natapos na, at nahahanda nang tawagin ang mga Judio. Saan? Sa Pista ng Pagtubos. O, iglesia, hindi n'yo ba iyan nakikita? Tinawag sa Pista ng Pagtubos, (ano?) upang makilala ang Katubusan; hindi na mga manok at mga pabo, at kung anumang dating ginagawa nila. “Ang Kordero ng Diyos, na pinaslang mula nang itatag ang sanlibutan,” Iyan ay makikilala ng Israel.

232 Pansinin, narito ang isang dakilang bagay. Masdan! Oh, naku! Ang Espiritu Santo ay ginapos ng mga denominasyon, sa buong dalawang libong taong ito. Nasumpungan nating, Ito nga'y nagkagayon. Ngayon pansinin ang mga kapahingahan, ang pitong kapahingahan, hindi sila lubos na makalabas. Ang—ang Biblia ay nagsabi, “Magkakaroon ng isang araw na hindi magiging gabi o araw man.”

233 “At lahat ng Kasulatan,” ang sabi ni Jesus, “ay kailangang matupad.” Iyan ba'y tama? Magsabi ng, “Amen.” [Ang kongregasyon ay nagsabi ng “Amen”—Ed.]

²³⁴ Sinabi ng propeta, “Magkakaroon ng isang araw na hindi matatawag na araw o gabi, subalit sa panahon ng gabi ay Magliliwanag.”

²³⁵ Ano ito? Ang araw ding iyon na sumisikat sa Silangan ay siya ring araw na sumisikat sa Kanluran.

²³⁶ Sa tuwing ang araw na iyan ay sumisikat, at tumatawid, at lumulubog, ito’y nangangahulugan ng inyong buhay. Isang munting sanggol ang ipinapanganak, mahina, sa umaga. Mga ikawalo, ito ay pumapasok sa paaralan. Sa ika-labing-isa at kalahati, ito’y wala na sa paaralan, ito’y ang kainitan ng araw. Pagkatapos ito ay magsisimula nang lumubog, patungo sa limampung taon, animnapu, pitumpu, walumpu, siyamnapu. Siya ay lulubog doon at mamamatay; upang bumalik lamang sa susunod na araw, at magsabing, “Mayroong buhay, pagkamatay, paglilibing, pagkabuhay na muli.”

²³⁷ At, pansinin, ang kabihasan ay kumilos kasama ng araw. Ang pinakamatandang kabihasnang mayroon tayo ay ang Tsina. Alam iyan ng bawat isa.

²³⁸ Saan nga ba bumaba ang Espiritu Santo? Sa Silangang bansa, sa mga taong Taga Silangan. At ang Ebanghelyo ay naglakbay kasabay ng araw. Saan ito nagmula? Mula roon sa Silangan, patungo sa Alemanya, mula sa Alemanya patungo sa Inglatera. . . Tumawid sa kanal ng tatlong ulit. Mula sa Mediterania patungo sa Alemanya, mula sa Alemanya. . . mula sa Mediterania, mula sa Silangan, patungong Alemanya, dumaan sa Mediterania; mula sa Alemanya patawid ng Kanal ng Inglatera, patungong Inglatera; mula sa Kanal ng Inglatera tumawid ng Pacifico patungo sa. . .o sa Atlantica, patawid tungo sa Estados Unidos.

²³⁹ At ngayon siya ay nasa Kanlurang Baybayin na. Natawid na niya ang bansang kaniyang pinaunlad, at tumawid, at nagpatuloy. Ang kabihasan ay naglalakbay; ang Ebanghelyo ay naglakbay kasama nito. Ngayon lahat ng mga basura ay nasa Kanlurang Baybayin na, kung saan ang lahat ng dinampot nito, ay rumaragasang tulad sa dambuhalang alon.

²⁴⁰ Subalit sinabi ng propeta na, “Ang Anak ay hindi sisikat sa araw na ito; ito’y magiging isang araw ng kapanglawan.” Sila’y nagkaroon ng sapat na Liwanag, tulad sa isang totoong maulang araw, makasapi sila sa mga iglesia, at makapananampalataya sa Panginoon, at iba pang mga bagay na tulad nito. Subalit, ang sabi niya, “Sa panahon ng gabi, ang ulap ay mahahawi, ang mga denominasyon ay kukupas.” At ang Ebanghelyo ring Iyon, ang Salita ring Iyon na nagkatawang tao, gaya ng Kaniyang ipinangako sa Lucas 17:3 3. Ang Ebanghelyo ring Iyon, taglay ang gayon ding bagay, ay magaganap sa panahon ng gabi, kung kailan ang mga anino ay bumababa. Ang Ebanghelyo ring Iyon, siya ring Cristo na nabuhay sa laman noon pang pasimula, sa

Silanganing mga tao, ay muling mabubuhay sa Kanluraning mga tao sa huling panahon. “Magliliwanag sa panahon ng gabi.”

²⁴¹ “Ang lahat ng Kasulatan ay ipinagkaloob sa pamamagitan ng pagkasi,” at hindi maaaring mabali.

²⁴² Ang mahabang limampung araw ay lumipas na. Ang pista ng Pentecostes ay lumipas na, pitong mga kapahingahan; hanggang sa mga trumpeta, tipo ng Pitong Kapanahunan ng Iglesia. Alalahanin, alalahanin, ang . . . sa ilalim ng Ika-anim na Trumpeta, ang Judio . . . Nakikinig ba kayo? [Sumagot ang kongregasyon, “Amen.”—Ed.] Sa ilalim ng Ika-anim na Trumpeta, ang—Tinanggihan ng Pentecostal ang Biblia; ang—ang malahininga, hindi lang mga Pentecostal, lahat ng iba pa. Tinanggihan ng daigdig ng iglesia si Cristo at Siya ay itinaboy sa labas. At sa Trumpeta ding iyon . . . at sa Tatak ding iyon, pala, nang ito ay mabuksan, ito’y upang ipakitang si Jesus ay nasa labas na ng iglesia, na nagsisikap na muling makapasok; sa panahon ding iyon, ang Trumpeta ay tutunog para sa Judio, at makikilala ng mga Judio ang Katubusan! Luwalhati! Aleluia! Oh, naku!

²⁴³ Ang Espiritu Santo ay ginapos ng mga makadenominyong ilog na ito, sa loob ng halos dalawang libong taon, subalit ito’y pawawalan sa panahon ng gabi, ng panggabing Mensahe. Ang Espiritu Santo muling nagbalik sa Iglesia; si Cristo, Mismo, na nahayag sa lamang tao, sa panahon ng gabi. Ito’y sinabi Niya. Ito’y ipinangako Niya.

²⁴⁴ May tatlong baitang ito, katulad ng sinabi ko. Ang mga martir, ang panahon ng martir para rito; at pagkatapos ay ang panahon ng mga reformer; at ngayon ang panahon ng pagtawag-palabas.

²⁴⁵ Kapag natapos ito, sa Kapanahunan ng Laodicea, ayon sa Apocalipsis 10, ang hiwaga ng buong Biblia ay maipapalam na sa Nobya. Iyan ba’y tama? [Tugon ng kongregasyon, “Amen.”—Ed.] Apocalipsis 10. Makinig nang maigi ngayon. A-ha. Ang Nobya ay tinawag palabas sa pamamagitan ng Salita; si Cristo Mismo ang tumatawag sa Nobya palabas, na nililinaw ang Hebreo 13:8 na Siya’y “tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman,” gayon pa rin ang ginagawa, Siya pa rin. “Siyang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya.” Kita n’yo? Lucas 22 . . . O, Lucas 17:30, at gayon din ang Malakias 4, Hebreo 4:12, lahat ng Kasulatang ito na ipinangako, ito ay magaganap sa pagitan ng Ika-anim at Ika-pitong Tatak, at ng Ika-anim at Ika-pitong Trumpeta.

²⁴⁶ Ang pista ng Pentecostes ay magwawakas sa panahon ng Ika-pitong Trumpeta, sapagkat ang susunod ay ang Pagdating ng . . . Ang Ika-pitong Tatak, sapagkat ang susunod ay ang hiwaga ng Pagdating ni Cristo, at, gayon din, ang Trumpeta ay

tutunog para sa mga Judio. Ang kanilang Ika-anim na Trumpeta ay tutunog, at kapag ito ay tumunog na, ipakikilala nito sa kanila ang ipinahayag na Anak ng Diyos; kalahating oras na puwang. Alalahanin, ang lahat ng mga Trumpeta ay tutunog dito sa Ika-anim na Tatak. Ang Ika-anim na Tatak ang tatapos sa hiwaga, sa ilalim ng Ika-anim na Tatak, bago mabuksan ang Ika-pito.

²⁴⁷ Pansinin, narito ang Levitico 23:26. Napakaayos ng Kasulatan! Pagkatapos ng mahabang panahon ng Pentecostes, na tinanggihan ng Israel noon; at tinawag Niya ang Iglesiang Hentil palabas, sa panahong ito ng pista ng pentecostes. Ilan ang nakauunawa kung ano ang pista ng Pentecostes? Ito'y ang bunga ng . . . unang bunga ng anihan, ang unang bunga ng pagkabuhay na muli, ang pista ng pentecostes.

Huwag palagpasin ito, bayan! At, kayong nasa teyp, makinig nang husto!

²⁴⁸ Ang mga nagdaang panahong ito ay ang pista ng pentecostes. Ang mga Judio ay nanahimik; tinanggihan nila Ito. Ngayon, kailangan silang tawaging pabalik sa Katubusan. Kilala natin kung sino ang Katubusan; hindi nila Iyon nakilala. At ang tunog ng Trumpeta, matapos ang jubileo ng Pentecostes, ay tatawag sa mga Judio upang magkatipon. Hindi ba ninyo nakikita kung paanong ang Trumpeta na iyon, ng pag-uusig sa ilalim ni Hitler at ng iba pa sa kanila, ay umalingawngaw? At ang mga Judio ay napilitang magsama-sama, upang matupad ang Kasulatan.

²⁴⁹ Ngayon, naunawaan ba ninyo ito? Lahat ng nakakuha nito, magsabi ng, "Amen." [Sumagot ang kongregasyon, "Amen"—Ed.] Mabuti. Mabuti!

²⁵⁰ Pansinin dito sa Levitico, 26 ngayon, ang pagkakasunud-sunod ng mga Kasulatan. Pagkatapos ng mahabang panahon ng pentecostes, na matatapos sa pagtawag sa Nobya palabas, ang Nobya ay tatawaging palabas ng isang lingkod. Ang Tinanggihan, pagkatapos nito, ay maipakilala sa Israel, sa pista ng Pagtubos. Pansinin, narito ang katulad ng sa ika-16 na kabanata ng Levitico, ngayon, nang Kaniyang iutos ang pista ng pentecostes. . . o ang pista ng pagtubos, subalit sa lugar na ito sila ay natawag. . .

²⁵¹ O, napakasakdal! Unawain ninyo ito, mga mangangaral. Kita n'yo? Huwag palagpasin ito, mga ministro.

²⁵² Dito sa pista ng pentecostes na ito, na ikinakatawan sa Levitico 23:26, o 23 at 24, ay isang pista ng pagdadalamhati, hindi pagpaslang na kapistahan. Ang pista ay pinaslang. . . Ang katubusan ay pinaslang na, ang ibig kong sabihin. Ang katubusan ay pinaslang na. Ang Levitico 16, ito'y ganap na kahanay nito. Lamang, sa dakong ito, tinawag nito ang Israel upang magdalamhati para sa kanilang mga kasalanan. Napakasakdal nito, ngayon! Hindi ito ang muling pagpaslang Dito; na, sinimbulo ni Moises, sa pamamagitan ng paghampas sa

bato ng makalawa; hindi ito gumana. Hindi isang pagpaslang, na kapistahan, kundi isang pagdadalamhati, sa pagtangi sa Katubusan. Oh, naku! Ito ang magiging Trumpeta; ang pista, tatangihan, pagkatapos ay maipakikilala ang kanilang Mesias.

²⁵³ Pansinin, makikilala nila ang kanilang Mesias kapag Siya'y nakita nila. Siya ay darating na may kapangyarihan, sa pagkakatong ito, yaong Isa na kanilang pinakahihintay. Siya ay darating na may kapangyarihan, para sa Nobyang Hentil, at makikilala Siya ng mga Judio. At pagkatapos ang Biblia ay nagsasabing. . . Katatapos pa lang nating mangaral tungkol dito, mga anim na buwan na ang nakalilipas, o higit pa. Ang Biblia ay nagsabing, kapag sinabi nilang, "Saan Mo nakuha ang mga sugat na iyan?" Ilan ang nakakaalala sa Mensahe? Itaas n'yo ang kamay n'yo. Tiyak, kayo'y. . . Kita n'yo? "Saan Mo nakuha ang mga sugat na iyan?"

Ang sabi Niya, "Sa bahay ng Aking mga kaibigan."

²⁵⁴ Naaalala n'yo ba ang pangangaral ko tungkol sa—sa panahong isinugo doon ni Jacob ang mga anak ni Israel upang kumuha ng mga bagay-bagay, at ng pagkain at mga bagay-bagay, at kung papaanong si Jose ay nagkunwang hindi niya sila kilala; at kung papaanong lahat ng mga bagay na ito ay nangyari, pagkatapos ay ipinakilala niya ang kaniyang sarili? Naaalala n'yo ba? At ganoon na lang ang kanilang pangamba, nagsitangis sila. Katulad ng kabagabagan ni Jacob.

²⁵⁵ At dito ay masumpungan natin ang mga Judio sa ilalim ng pag-uusig; hindi nila nalalaman kung saan sila ngayon nakatayo, subalit sila'y magbabalik.

²⁵⁶ At kapag nakita nila ang paglitaw ng Katubusan, ang sabi ng Biblia, "Nang kanilang. . .? . . . ang sabi nila sila ay magbubukod sa kani-kanilang sambahayan, at tatangis ng maraming araw, katulad ng isang—katulad ng isang pamilyang nawalan ng bugtong na anak. 'Saan Mo nakuha ang mga sugat na iyan?'"

Ang sabi Niya, "Sa bahay ng Aking mga kaibigan." Kita n'yo?

²⁵⁷ Alalahanin, na ang Nobya ay nasa Langit na; ang asawa ni Jose ay nasa palasyo na. At pinaalis ni Jose ang lahat ng nakapalibot sa kaniya, at ipinakilala niya ang kaniyang sarili sa kaniyang mga kapatid; kita n'yo, ang Kaniyang Asawa at mga anak, at iba pa ay nasa palasyo nang Siya ay bumalik upang ipakilala ang Kaniyang Sarili sa mga Judio. Hayan ang Katubusan. Hayan ang inyong tinig-Trumpeta. Doon nila sasabihin, "O!" Ano ito? Hayan ang Katubusan. "Saan Mo nakuha ang mga sugat na iyan?" Hayan na ito.

"Sa bahay ng Aking mga kaibigan."

²⁵⁸ Naaalala ba ninyo kung ano ang sinabi ng mga kapatid ni Jose? Aba'y, ang sabi nila, "Ngayon ay papatayin na tayo,

tiyak na tiyak. Ginawa natin iyon. Ginawa natin ang gayong kasamaan.”

259 Ang sabi niya, “Hindi, ginawa ito ng Diyos upang magligtas ng buhay.” Naaalala n’yo ang kuwento, sa Genesis? Kita n’yo? Kita n’yo? Kaya ganito rin ang ginawa Niya, upang iligtas ang buhay ng Hentil, ang Nobya. Ang sabi, “Nakuha Ko ang mga ito sa bahay ng Aking kaibigan; subalit huwag kayong magalit, kita n’yo, huwag kayong matakot sa inyong mga sarili.”

260 Ang sabi nila, “Oh, naku! Talaga bang hindi natin Siya nakilala? Iyon ba ang Katubusan, at hindi natin Ito nakilala? O Diyos!” At, ang sabi nila, “Kanilang pinagbukod-bukod ang kanilang mga sarili, at nanangis ng maraming araw.” Ano ito? Ang Katubusan; kalungkutan. Sa pagkakataong ito, ang pagdating ng pagpapakilala, ng Katubusan, ay hindi ang pangkaraniwang pagpaslang sa katubusan, tulad ng sa Levitico 16. Subalit ang Levitico 23 ay isang panahon ng pagdadalamhati, sa kanilang mga kasalanan. At, ang kanilang kasalanan ay, ang pagtangi Rito.

261 O, hindi ba ninyo nakikita kung nasaan na tayo? Hindi ba ninyo nakikita kung bakit ang mga Trumpeta na iyon ay walang kinalaman sa atin? Lahat ng mga ito ay nagsitunog sa ilalim ng ating Ika-anim na Tatak. Nakikita na ba ninyo ngayon kung bakit hindi ako pinayagan ng Espiritu Santo na sabihin ito? At nalalaman ng Makalangit na Ama, kasama ng Bibliang ito na nasa harapan ko, na iyan ang Katotohanan. Hindi ko ito nalaman hanggang kahapon, noong makalawa; doon sa aking silid kung saan ito ay Kaniyang ipinahayag, lumapit Siya sa akin at nangusap sa akin. Nagbalik ako, ang sabi ko, “Maybahay ko, nakuha ko na ngayon. Kakakatagpo pa lang Niya sa akin doon at nangusap Siya sa akin. Naririto na ito, mahal.” Kita n’yo? Kita n’yo, hayun, kita n’yo, ganap na magkakatugma.

262 O, mga taong wala pa sa Kaniya, pumasok nang madali! Maaaring ito na ang huling pagkakataon na mapapasa inyo. Hindi ninyo nalalaman kung anong oras Siya maaaring dumating.

263 Ang pista ng mga trumpeta. Ang Biblia ay nagsasabing, “Sila ay magbubukod-bukod ng kanilang sarili sa isa’t-isa, at mananalangin at mananangis, katulad ng pagtangis ng isang tao sa pagkawala ng kaniyang bugtong na anak.”

264 Tingnan, nais kong sabihin ang isa pang bagay. Makinig ng husto ngayon; huwag palagpasin ito. Kapansin-pansin! Mula sa Mensahe ng Ika-pitong anghel (mensahero ng Ika-pitong Tatak) sa Apocalipsis 10, ay ang Ika-pitong Tatak, hanggang sa Pitong mga Trumpeta, sa pagitan ng dalawang panahong iyon. . .

265 [Pumalakpak ng minsan si Kapatid na Branham—Ed.] O, Diyos, paano namin Ito sasabihin, upang makita Ito ng mga tao?

²⁶⁶ Ito'y sa pagitan ng Ika-anim na Trumpeta, at ang Ika-anim na Trumpeta at . . . Ang Ika-anim na Trumpeta at ang Ika-anim na Tatak ay tutunog nang magkasabay. At sa pagitan ng Ika-anim na Trumpeta at Ika-pitong Trumpeta, may isang propetang lilitaw sa harapan ng mga Hentil, upang tawagin ang mga tao pabalik sa orihinal na Aral ng pentecostes; at ang dalawang saksi ng Apocalipsis 11 ay magpapakita sa mga Judio, upang isugo sila kay Jesus, habang ang Iglesia ay itinataas. Lahat sila ay mga propeta! Amen! Ang Salita ng Panginoon ay hindi mababali. Hindi ito magiging isang denominasyon! [Kumatok ng ilang ulit sa pulpito si Kapatid na Branham—Ed.] Nakikita ba ninyo ito?

²⁶⁷ Basahin sa inyong Aklat dito at tingnan kung sa pagitan ng Ika-anim at Ika-pitong Trumpeta ay hindi isiningit doon, ang pagtawag sa mga Judio sa pagitan ng Ika-anim at Ika-pitong Salot, natalakay na natin iyon, ang isang daan at apatnapu't apat na libong iyon (naaalala n'yo ba iyon?), na nasa pagitan niyon. Naaalala n'yo ba? Sa pagitan ng—ng—ng Ika-anim, Ika-limang Tatak at Ika-anim na Tatak. . . Sa pagitan ng Ika-anim na Tatak at Ika-pitong Tatak, nagkaroon ng pagtawag palabas ang isang daan at apatnapu't apat na libo. Naaalala n'yo ba iyon? Ngayon doon mismo pumapasok ang mga trumpeta na ito, kita n'yo, at ang pag-uusig, at ang mga kabayo ay pinawalan doon.

²⁶⁸ Pagkatapos, sa pagitan niyan, ay magkakaroon ng Mensahe ng Ika-pitong anghel, na nangangaral at humahatol sa mga Pentecostal. At si Jesus ay pinalabas; hindi nakikipagtulungan, kaninuman, maitutulak sa labas, tatanggihan. Sinabi ng Biblia ang gayon. Sapagkat, ito'y si Cristo na nahayag sa ating kalagitnaan, si Jesus sa kalagitnaan nating lahat, na nahayag sa kadalisayan ng Kaniyang Salita, upang Ito ay maipakilala. At kung iya'y . . .

²⁶⁹ Hindi ito gawa-gawa lamang, mga kaibigan. Ito ay GANITO ANG SINASABI NG PANGINOON, ang Kasulatan.

²⁷⁰ At sa panahon ding ito. . . Ngayon, sa sandaling ang Iglesiang ito, (ang Nobya) ay maipon, siya ay kukunin paitaas; at ang hiwagang iyon ng Ika-pitong Tatak, o ang Ika-pitong Tatak, ang hiwaga ng pag-alis. At ang mga Judio ay tatawagin ng hiwaga ng Ika-pitong Trumpeta, na siyang dalawang propeta, si Elias at si Moises, at sila ay magsisibalik. At diyan nalilito ang mga Pentecostal; naghihintay silang may mangyari; ang Iglesia ay nakaalis na. At iya'y para sa mga Judio!

²⁷¹ Ngayon, nararamdaman ko na may nag-iisip, na nagsasabing "Hindi maaaring maging si Moises iyon." Oo, siya nga iyon. Ngayon, alalahanin n'yo, masasabi Niya sa akin ang inyong mga kaisipan. A-ha. A-ha. Patuloy kong nararamdam ang pag- . . . Mabuti!

²⁷² Hayaan ninyong ituwid ko iyan para sa inyo. Si Moises iyon. 'Pagkat, naririto ang inyong kaisipan. Sinasabi ninyo, na,

“Moises, hindi maaaring maging si Moises iyon, ’pagkat si Moises ay namatay na.” Inisip ninyong iyo’y si Elias. Iyo’y si Elias nga, totoo. Kapag, inisip ninyong, “Iyo’y si Enoc.” Sinasabi ninyo, “Si Moises ay patay na.” Subalit, alalahanin, maaari siyang mabuhay na muli. At nangyari nga. Makalipas ang walong daang taon, matapos ang ilang daang taon, siya ay nagpakita sa Bundok ng Pagbabagong-anyo. Sasabihin n’yo, “Matapos na mamatay ang isang tao?” Opo, ginoo. Si Lazaro ay namatay; muling nagbangon; at pagkatapos kinailangang mamatay muli. Kita n’yo? Tiyak. A-ha. At maging ang masama ay babanguning muli sa pagkabuhay, at pagkatapos ay kinakailangang mamatay sa ikalawang kamatayan. Iyan ba’y tama? Kaya alisin n’yo iyan sa inyong kaisipan. Si Moises iyon. Masdan ang inyong ministryo, katulad na katulad ng ginawa ni Moises at ni Elias; ipininid ang kalangitan at nagsaboy ng apoy sa ibabaw nito. Alam ninyo kung ano ang ginawa nila.

²⁷³ Isipin n’yo ito! Ito’y panahon na ng katapusan, mga kasama. Aleluia! Ang dakilang Araw ng Panginoon ay nalalapit na. Magtipun-tipon kayo. Ang Pista ng Mesias; tatanggihan nila Siya, at malalaman nila na iyon ang kanilang Mesias. Ang Biblia ay nagsabing mangyayari ang ganitong mga kagila-gilalas na mga bagay.

²⁷⁴ Sa Apocalipsis 11, tawagin, ang kanilang ministryo ay magiging ministryo nina Moises at Elias na tatawag sa Israel, palabas sa mga tradisyong Judio; tulad din ng pagtawag ng Mensahe ng ika-pitong anghel sa Nobya palabas sa tradisyong Pentecostal. Alalahanin, tatawagin ni Moises at ni Elias ang Israel palabas sa dating pagtubos ng kordero, at mga tupa, at dugo, at mga kambing, at hain tungo sa tunay na buhay na Hain, tungo sa Salita.

²⁷⁵ At ang Mensahe ng ika-pitong anghel, sa ilalim ng Trumpeta ding iyon, ang lahat ng mga bagay ay ganuong-ganoon din, sa Selyo ding iyon, ay sa (ano?) tatawag sa mga tao, sa Nobya, palabas ng tradisyong Pentecostal at ng sanlibutan, patungo sa totoong Katubusan, ang Salita, si Cristo na naisasakatauhan sa Kaniyang Salita rito, nagkatawang tao sa ating kalagitnaan. Pinatunayan ito ng agham, sa pamamagitan ng mga larawan. Nalalaman ito ng iglesia, sa buong mundo. Matatag nating nalalaman ito, sapagkat hindi Siya kailanman nagsabi sa atin ng isang bagay sa GANITO ANG SINASABI NG PANGINOON kundi yaong Katotohanan. Hindi ba’t sinabi Niya doon sa ilog, “Kung paanong isinugo si Juan Bautista, gayon din ang Mensaheng ito. . .”

²⁷⁶ Ako ay tumingala, at siya’y ikalabindalawa na. Ang oras ng hatinggabi ay narito na, mga kaibigan, sa atin. Nakikita ba ninyo kung gaano kasakdal ang Kasulatan? Sakdal na sakdal, kung paanong Ito. . .

277 Iyon ay, tingnan, hindi isang organisasyon ang paroroon at tatawag sa mga Judio. Dalawang lalaki ang gagawa nito, si Moises at si Elias. Kapuwa sila, mga propeta.

278 Ngayon tingnan. Upang tawagin ang mga Hentil, ang Nobya palabas, ipinangako Niyang gawin ang bagay ding ito sa Malakias 4.

279 At ang Biblia ay nagsabing palalabasin Siya sa iglesia, sa Ika-pitong Kapanahunan ng Iglesia. Siya'y palalabasin sa iglesia. Ito'y lubos na magdidilim, at magiging... Saan ito ganap na magdidilim? Ito ay magtutungo sa sistemang eklesiyastikang ito, papasok sa ekumenikong konsehong ito, ang Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia. Siya . . . Siya ay lubos na maitataboy palabas. Ang Kaniyang Salita, hindi sila makasang-ayon Dito. Alam ninyong hindi nila magagawa ito. Ni hindi sila magkasundo sa kanilang mga munting lupong lokal; paano sila magkakasundo Riyan? Kaya, sila ay tatanggap ng iba pang tatak ng halimaw, isang larawan para sa halimaw. Alalahanin, ang Biblia ay nagsabing, "May isang larawang ginawa para sa halimaw."

280 At ang Estados Unidos na ito ay noon pa man ay lagi nang labintatlo ang bilang. Ito ay nagsimulang may labintatlong estado, labintatlong kolonya; labintatlong bituwin, labintatlong guhit; labintatlo at laging isang babae. Siya ay lumitaw sa ikalabintatlong kapitulo ng Apocalipsis. At, una, siya ay isang kordero; kaamuan, kalayaan ng pagpapahayag, kalayaan ng relihiyon, at iba pa; at pagkatapos sila ay tumanggap ng kapangyarihan, at nangusap na taglay ang lahat ng kapangyarihan ng dragon na nauna sa kaniya. Ano ito? Ano ang dragon? Ang Roma. Kita n'yo, siya'y may isang tatak, isang larawan ng halimaw, na magtitindig laban sa tunay na Iglesia ng Diyos. Sasalutin ang bagay na ito sa ilalim ng mga denominasyong iyon! Subalit, kapag sinimulan nilang gawin ito:

Dadalhin ng Kordero ang Kanyang Nobya
upang mamalagi sa Kanyang tabi,
Ang lahat ng nasa Langit ay magkakatipon-
tipon;

O, ito'y napakaluwalhating pagmasdan, ang
lahat ng mga santo ay puting-puti ang
kasuotan;

At kay Jesus sila'y may kapistahang Walang
katapusan. Amen!

"Pumarito ka at tayo'y magsalo," ang anyaya
ng Panginoon, "Pumarito ka at tayo'y
magsalo." Amen!

281 Anong dakilang araw na ating kinabubuhayan, at ang oras!
Magsitakbo, bayan, magsitakbo para sa inyong buhay!

²⁸² Pansinin ngayon, sa pagtatapos, ang ministeryong katulad ng ika-pitong anghel. Ang dalawang saksi...?.. Pitong Trumpeta, bago dumating ang...o, ang Ika-anim na Trumpeta, bago ang Ika-pitong Trumpeta ay...

²⁸³ Ngayon, alalahanin, at sinabi ko sa inyo na ibabalik ko itong, “Dakilang Trumpeta.” Ang sabi niya, ano ang gagawin Niya, rito sa Isaias? Ang sabi niya, sa... “Ang Dakilang Trumpeta ay tutunog. Ang Dakilang Trumpeta!” Hindi mga Trumpeta sa ngayon, pista ng mga trumpeta; dalawa sila, sina Moises at Elias, upang tawagin ang Trumpeta. Subalit, sa ilalim ng “Dakilang Trumpeta,” ang Pagdating ng Panginoon, upang ipabatid ang pagbabalik ni Jose, kita n’yo, ang lahat ng mga bansa ay magkakatipon-tipon sa Jerusalem, Amen. Makikita n’yo iyan sa Aklat ni Isaias. Kabibigay ko pa lang nito sa inyo, kanina lang, isa sa mga kabanatang iyon na ating binasa; iya’y sa Isaias 18:1 at 3. At sa Isaias 27:12 at 13, ay doon Niya patutunugin ang “Trumpeta,” na iyon, at ang lahat ng mga bansa ay kikilalanin ang Israel sa kaniyang sariling lupain, kasama niya ang Diyos.

²⁸⁴ Kung magkagayon ang Nobya ay makakapiling ng Nobyo, at ang Nobyo ay makakapiling ng Nobya; at pagkatapos ay ang dakilang Milenyum, matapos na mawasak ang buong daigdig ng lakas atomika. At magkakaroon ng “isang bagong langit at bagong lupa,” na mabubuhay magpakailanman.

²⁸⁵ Tingnan, sa ilalim mismo... Ngayon pansinin, ang ministeryo nina Moises at Elias ay... Ngayon, naunawaan ba ng lahat? Hayaan ninyong muli kong sabihin. Ang ministeryo nina Moises at Elias, sa pagitan ng Ika-anim at Ika-pitong Trumpeta, ay ang dalawang propeta na mag...sila...ang Israel mula’t sapul ay laging naniniwala sa kanilang mga propeta.

²⁸⁶ Ngayon, bakit sinabi sa akin ng Espiritu Santo nang ako ay magsimulang magtungo roon, upang ipakita sa kanila na Siya ang Anak ng Diyos, ang sabi Niya, “huwag muna”? Naaalala ba ninyo iyon, mga limang taon na ang nakalilipas, nang patungo ako sa India? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Ed.] Ang sabi Niya, “Huwag mo itong gawin.”

²⁸⁷ Ang sabi ko, “Ang sabi nila, ‘Kung ito ang Mesias, hayaang makita namin Siyang gumagawa ng tanda ng propeta. Naniniwala kami sa mga propeta.’”

²⁸⁸ Si Kapatid na Lewi Pethrus kasama ng iba ay nagpadala sa akin ng mga Bibliang iyon; nang ipamigay nila ang isang milyon nito sa mga Judiong iyon mula sa Iran at sa lahat ng dako, na nagbabalik, nagagtipun-tipon sa kanilang sarili, at naging isang bansa.

Naisip ko, “Ito na ang pagkakataon ko.” Ako ay naroroon na...sa Cairo, Egypt.

²⁸⁹ Ang sabi Niya, “Huwag mo itong gawin ngayon. Hindi pa ito ang oras.” Nang magkagayon ako ay umuwi. A-ha. Oh, naku!

²⁹⁰ Sina Moises at Elias ay kailangang manawagan. Nagpapatuloy pa rin ang jubileo ng pentecostal, o nagpapatuloy ito hanggang sa panahong ito. Kita n'yo? Ngayon, ang pista ng mga Trumpeta ay kailangang maipakilala. At ang isang ito rito sa Malakias 4 ay walang kaugnayan sa isang naroroon; walang anumang kaugnayan, walang anumang kaugnayan. Pansinin, tumingin dito, ang ministeryo nina Moises at Elias, na babago at tatawag sa Israel mula sa mga tradisyong Judio, makinig, mula sa mga tradisyong Judio na matagal nang lumito sa kanila. Bilang mga propeta, sila'y maniniwala—sila'y maniniwala sa kaniya, upang sila ay tawagin sa pista ng Pagtubos, si Cristo, ipakikilala sa kanila si Cristo. Sasabihin nila, “Siya ay darating. Siya'y paririto.” Ang mga Judio ay magkakatiyon, tulad ng mga bagay na iyan.

At pagkatapos kapag Siya ay dumating, sasabihin Niya, “Naririto na Ako.” Kita n'yo?

“Saan Mo nakuha ang mga pilat na iyan?”

“Sa bahay ng Aking mga kaibigan.”

²⁹¹ Ngayon, katulad ng ginawa ng dalawang propetang iyon! Alalahanin, ang Nobyang Hentil ay magkakaroon ng isang propeta, na kung tawagin ay Elias, Elijah, upang tawagin sila palabas sa kanilang mga tradisyon, ang Nobya; katulad ng pagtawag ng dalawang propetang ito sa mga Judio palabas ng Judaismo, patungo kay Cristo, na siyang Katubusan. At kilala na ng mga Hentil ang Katubusan, subalit ito'y para tawagin ang Nobya pabalik sa orihinal na Katubusan, kung saan ang (limampu) na mga kapahingahang ito ay kanilang . . . Lahat ng pitong mga kapahingahang ito, na kanilang nilayuan; tatawagin sila pabalik sa huling panahon. Ang pitong . . . Makinig! Ang mensahero ng Ika-pitong Iglesia, ang mensahero ng Pitong Trumpeta, ay pawang mga propeta. Ngayon, iya'y tama.

Isiningit, ang isandaan at apatnapu't apat na libo.

²⁹² Tumatawag, ang mga Tatak, na ukol sa mga Hentil. Ito ay dapat na maukol sa mga Hentil, upang buksan ang mga Hentil, upang makita ang Iglehiang Hentil. Iyan lang ang alam natin. Iyan lang ang pakikitingan natin; yaong naganap na. Inaabangan natin si Jesus.

²⁹³ Sasabihin mo, “Ngayon, sandali lang, Kapatid na Branham, naniniwala akong gagawin nila ang *ganito*.”

²⁹⁴ Ang huling tandang nakita ni Abraham . . . At tayo ang maharlikang Binhi ni Abraham; ang Nobya. Ang pinaka-huling tandang nakita ni Abraham bago dumating ang ipinangakong tanda . . . dumating ang ipinangakong anak, ay ano? Ang Diyos, sa anyo ng isang tao, na nakakikilala ng mga kaisipan ng mga tao; isang lalaki, hindi isang dosena; isang lalaki, gaano man karami ang panggagaya. Sila ay may Iisa lang, at kinilala Niya ang mga kaisipang naroroon. Ano? At, ang sumunod na nangyari,

si Abraham at si Sarah ay nagbalik sa pagiging batang lalaki at babae. Nalalaman natin iyan.

²⁹⁵ Ngayon, alam kong iyan ay bahagyang nakahirin sa inyo ngayon. Subalit, alalahanin, para lang makatiyak ako na ito'y malaman ninyo ngayon. . . Huwag ninyong basahin ang Biblia nang *ganito*; bumasa kayo sa pagitan ng mga linya at tingnan, palitawin ang larawan.

²⁹⁶ Masdan. Matandang babae na si Sarah, sinabi ng Biblia. Siya, sila . . . “Ang kaniyang bahay-bata ay patay na.” Iyan ba’y tama? “Ang buhay sa loob ni Abraham ay patay na, ang kaniyang binhi.” Iyan ba’y tama?

²⁹⁷ Ngayon, alalahanin, ang binhi ni Abraham ay patay na. Pagkalipas ng apatnapung taon ay nagkaanak pa siya ng pito sa ibang babae. Ano’ng ginawa Niya? Binago Niya ang kanilang mga katawan.

²⁹⁸ Masdan, sila ay naglakbay ng tatlongdaang milya, patungo sa Gerar, napakahabang paglalakbay para sa isang matandang lalaki. Ang sabi . . .

²⁹⁹ Inisip pa nga ni Sarah na ni hindi na nga sila maaaring magkaroon ng relasyong pampamilya. Ang sabi niya, “Ako . . .” Dalawampung taon o higit pa, marahil nang huli silang magkaroon ng relasyong pampamilya. Aniya, “Ako na isang matandang babae, at gayon din ang aking panginoo, ay muling magkakaroon ng kasiyahan tulad ng mga kabataan?”

Aniya, “Mayroon bang bagay na napakahirap para sa Diyos?”

³⁰⁰ Pansinin kung ano’ng nangyari. Bigla na lang siyang nagbalik sa pagiging magandang batang babae. Ipinapakita, doon, inilalarawan kung ano’ng gagawin Niya sa maharlikang Binhi ni Abraham, upang tanggapin ang Anak na naipangako. Siya ay nagbalik sa pagiging batang . . .

³⁰¹ Tingnan, sila ay nagtungo roon sa Gerar. At ano’ng nangyari? Ang haring si Abimelech ay napaibig sa kaniya, ang sabi, “Siya ay maganda at kaaya-aya,” at pakakasalan na nga sana siya. Iyan ba’y tama? Ang matandang lola; at ang iba pang naggagandahang mga kadalagahan doon. Ang lola, “Ang ganda niya. Kaaya-aya siyang pagmasdan.” Kita n’yo?

³⁰² Binago ng Diyos ang kaniyang katawan, at sila ay ipinanumbalik. Ito’y isang hiwaga na mahahayag ngayon sa araw na ito, ng Anak ng tao, kita n’yo, ang panggabing Mensahe. Kita n’yo? Ipinanumbalik! At iyon ang huling tandang kanilang nakita, ay (ano?) ang pagkilala ng kaisipang iyon, bago dumating ang pagbabago ng katawan.

³⁰³ At bago pa natin matanggap ang Anak, ano’ng mangyayari? “Ang trumpeta ng Diyos ay tutunog; ang mga nangamatay kay Cristo ay unang magbabangon, may bagong katawan; at tayong

nangabubuhay at nangatitira ay babaguhin, sa isang saglit, sa isang kispang-mata,” aleluia, “at aagawing kasama nila, upang salubungin ang Panginoon sa alapaap.” Ang lihim ay naipaalam na; ang mga Tatak ay bukas na.

³⁰⁴ Ang Trumpeta ay tumunog na para sa Israel; ang dalawang propeta ay nahahanda nang lumitaw. Ano ito? Ang Iglesia ay dapat nang mawala ngayon sa eksena, upang sila naman ay lumabas. Hindi Siya maaaring makitungo sa dalawa sa iisang pagkakataon; hindi Niya ito kailanman ginawa. Kita n’yo?

³⁰⁵ O, kapatid, masdan! Tamang-tama, upang tawaging lahat, tawagin sila palabas sa mga denominasyon at mga tradisyon. Ngayon nakikita nating ang iglesia ng panahon ng pentecostes ay natapos na.

³⁰⁶ Ang Nobya ay dapat nang umalis sa daan, upang umangat na ngayon; upang ang dalawang lingkod, ang dalawang lingkod ng Diyos, sa Apocalipsis, ang dalawang propeta, ay makita sa eksena, upang patunugin ang Ika-pitong Trumpeta sa kanila, ipakilala sa kanila ang Cristo.

³⁰⁷ Ang Ika-pitong anghel, ang sugo, ay nagsasabing, “Narito ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!” Hindi, “narito ang Metodista ko, ang Baptist ko, ang Pentecostal ko.” Kundi, “Ang Salita, ang Anak ng Diyos, ang Cordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan,” sapagkat wala nang iba pang patibayan! Kita n’yo?

³⁰⁸ Ilan pa kayang panahon ang nalalabi sa atin? Ang mga Judio ay nasa kanilang lupain na. Ang Nobya ay natawag na. Ayon sa Kasulatan, ang lahat ay tugmang-tugma sa kung ano ang Kaniyang ipinangako. Handa na tayo. Ang oras ay naririto na.

Mga bansa’y nangawawasak, Nagbabangon
ang Israel,

Mga tandang inihula sa Biblia;

Nabibilang na ang araw ng mga Hentil, pasan
ang kapighatian;

Magbalik O nangawalay, sa inyong
pinanggalingan.

Ang araw ng katubusan ay darating na,

Mga puso ng tao’y nanghihina sa pangamba;

At mapuspos kayo ng Espiritu ng Diyos, ang
inyong ilawan ay ayusin at paliwanagin,

Tumingala ka’t ang katubusan mo’y malapit
na!

Mga bulaang propeta’y nagsisinungaling,

Katotohanan ng Diyos ay tinatanggihan,

Na si Jesus ang Cristo ay ang ating Diyos; iya’y
tama,

Subalit babaybayin natin ang tinahak ng mga
apostoles.

Pagkat ang araw ng pagtubos ay darating na,
 Mga puso ng tao'y nanghihina sa pangamba;
 Mapuspos kayo ng Espiritu, ang inyong
 ilawan ay ayusin at paliwanagin, (huwag
 magbakasakali)
 Tumingala't katubusa'y malapit na!

309 Ang propeta ay nagsabi, "Magliliwanag sa dilim ng gabi."

Sisilay ang Liwanag sa kadiliman,
 Ang landas patungo sa Kaluwalhatian; ay
 siguradong matatagpuan;
 Sa tubigang daan, ang Liwanag ngayon,
 Ay inilubog sa mahal na Ngalan ni Jesus.
 Bata't matanda, magsisi ng lahat ng inyong
 mga kasalanan,
 At ang Espiritu Santo ay siguradong papasok;
 Ang panggabing Ilaw ay dumating na,
 Iya'y nangangahulugan na si Cristo at ang
 Diyos ay Iisa lamang.

310 Naririto na tayo! Nasa wakas na tayo. Hindi iyan anong
 kahangalan lamang ng isang tao. Iya'y GANITO ANG
 SINASABI NG PANGINOON.

Magsiyuko tayo.

311 Mahabaging Diyos, Jehova, ang Makapangyarihan sa lahat
 na nagpakulog sa Bundok ng Sinai; at ang mga tao ay
 naghiyawan, "Hayaang si Moises ang magsalita at huwag ang
 Diyos, baka kami ay mamatay." Sinabi Mo, Dakilang Jehova,
 "Ako'y magbabangon sa kanila ng isang Propeta. Ako'y hindi
 na mangungusap sa kanila nang ganito." Subalit ipinangako
 Mo kung ano ang Iyong gagawin, at Iyo itong ginawa; Iyong
 ibinangon sa amin ang Panginoong Jesus. Siya ang Salita. Sinabi
 Mong Siya nga. "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita
 ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay
 nagkatawang tao, at nanahan sa aming kalagitnaan."

312 Nakikita namin ang mga bagay na inihula Niya sa amin dito,
 sa pamamagitan ng propeta Niyang, si Juan, sa Isla ng Patmos.
 Nakita naming natupad ito ayon sa pagkakasulat. Nakita
 naming nahayag ang Espiritu Santo sa aming kalagitnaan dito
 sa lupa. Nakikita naming pinalabas Siya ng mga denominasyon
 sa iglesia; ang Salita. Wala silang anumang laban sa mga tao;
 ang Salita ang kanilang kinamumuhian. Ito'y laban sa kanilang
 tradisyon. Katulad din noong Ikaw ay narito sa lupa, Ikaw ang
 Salita, at laban Ka sa kanilang mga tradisyon; at itinaboy Ka
 nila palabas ng kanilang mga iglesia, sa lahat ng dako.

313 At ngayon, Panginoon, walang pakikipagtulungan, saan
 mang dako. Nagsisikap ako maging sa pagpasok sa Timog
 Aprika, kung saan alam ko na doo'y may mga kaluluwa pang
 naghihintay. Sa lahat ng dako, at tila ayaw nila akong tanggapin,

Panginoon. Hindi dahil sa akin, Panginoon; ito'y dahil sa Mensaheng ito. Subalit, sinabi Mong ito ay magkakaganito, at Iyo itong ipinaalam sa amin upang hindi kami panghinaan ng loob. Nalalaman namin ang oras na aming kinabubuhayan.

³¹⁴ Diyos, ang mga taong ito ay umupo rito sa umagang ito, sa mainit, at malahurnong silid na ito. Nakinig silang maigi. Nauunawaan na nila ngayon, tiyak ko. Kung hindi, ipahayag Mo ito sa kanila, Panginoon, kung bakit hindi Mo ako pinayagang talakayin ang mga Trumpeta na iyon. Nakikita kong wala itong kinalaman sa amin. Doon mismo sa Ika-anim na Trumpeta, nangyari ang lahat ng ito, at nakita naming nabuksan ang Ika-anim na Tatak. At nakakita kami ng pangitain dito, dalawang linggo na ang nakalilipas, tungkol sa paunang pagpapakita ng Nobya at ng iglesia, katulad ng sinabi ko rito. Kung paano Mong ipinakita sa akin, Panginoon, ganoon ko ito isinaysay. Naririto kami. Maaaring higit nang huli kaysa sa aming inaakala.

³¹⁵ O Ama, kung may isa mang tao rito sa umagang ito, na—na nakatanggap lamang ng isang pamahiin, ng isang makateolohiyang impluwensiya, o ng isang salita ng teologo na salungat sa Salita ng Diyos! At hindi nila nakikilala ang tunay na Cristo, ang tunay na Espiritu Santo. Hindi pa ito naihayag sa kanila, ang Salita, kung paanong ang Salita ay mapaparito sa araw na ito. Isa lamang tradisyon ang nakikita nila. Sila ay nabubuhay sa isang—isang sinag na nakabubulag. Katulad ng pinakamalaking pagnanakaw na naisagawa sa daigdig, doon sa Inglatera, ito ay isinagawa sa pamamagitan ng isang huwad na liwanag. At ang pinakamalaking pagnanakaw na naranasan ng Iyong iglesia, ay nang kanilang tanggapin ang isang makadenominasyong liwanag at tanggihan ang tunay na Liwanag ng Biblia, ang Cristo.

³¹⁶ O Diyos, mahabag Ka! Iligtas Mo ang naliligaw, Panginoon. Sumasamo ako, nanghihingi ako ng kaunti pang panahon, Jesus. May mga mahal kami sa buhay. Kaunting panahon pa. Hindi maglalao't ang dakilang Batong iyon ay mauukit na mula sa bundok. Itulot Mo ito, Panginoon, kung mayroon mang naririto sa umagang ito na hindi Ka pa taglay, lumapit nawa sila ngayon din, nang buong giliw, at Ikaw ay tanggapin.

³¹⁷ Habang tayo'y nakayuko. Kung itataas mo ang iyong kamay, sasabihing, “Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham.” Wala tayong . . . Ang altar at iba pa ay puno na. Pagpalain ka ng Diyos. Sabihin mo lang, “Alalahanin mo ako.” Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Tunay na daan-daang mga kamay!

³¹⁸ Ama, Diyos, may munting anino kung saan. Alisin Mo ito, Panginoon. Sila ay umupo rito sa silid. Huwag. . . Maaaring binulag ni Satanas ang kanilang mga mata sa nakalipas na mga panahon, subalit idinadalangin kong lampasan Mo iyon, katulad

ng Iyong ginawa sa amin sa maraming araw na nakalipas. Subalit ngayo't tinawag Mo kaming lahat upang makakita. . . Ang Biblia ay nagsabi na sila ay bulag. Hindi nila ito nalalaman. Ang sabi, "Ipinapayo Ko sa iyo na ikaw ay bumili sa Akin ng pamahid sa mata." Diyos, gamitin Mo ang pamahid sa umagang ito sa kanilang mga mata, upang sila ay makakita. Bagamat ito ay hamak lamang, sa kalipunan ng hamak na mga tao; at hamak, di aral, at iba pa, ngunit gayon pa man ganito ito sa pasimula. Itulot Mo ito, Panginoon, na kanila Itong matanggap ngayon. Ipinagkakaloob ko sila sa Iyo, sa Pangalan ng Iyong Anak, na si Jesus.

³¹⁹ At sinabi Mo, "Ang dumidinig ng Aking Salita." At ako'y nakatitiyak, Panginoon, sa abot ng aking kaalaman, narinig nila Ito. "At sumampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin," hindi kunwang-sumasampalataya, kundi tunay na sumasampalataya, at sumasampalataya sa kung ano ang sinabi ng Salita. "Ay may Buhay na walang hanggan, at hindi papasok sa Kahatulan; kundi lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay." Juan 5:24.

³²⁰ Itulot Mo, Panginoon, na sila'y maging sa Iyo, mula sa oras na ito. Kung may pagtatanong sa kanilang mga kaisipan, alisin Mo ito. Kung may taong may karamdaman sa aming kalagitnaan, hayaan Mong ang dakilang Espiritu Santo, Panginoon ay. . . Na, nalalaman kong mayroon; at Siya'y naghahayag ng mga kaisipan, nakatayo rito sa plataporma. Alam nila ang lahat ng tungkol dito. Idinadalangin kong pagalingin Mo sila, Panginoon. Sagutin Mo ang lahat ng mga katanungan.

³²¹ Ang bautismuhan ay bubuksan doon sa mga hindi pa nailulubog sa Pangalan ni Jesus Cristo, tatanggapin ang Pangalan ng Nobyo. Ang taglay nila'y makadenominasyon, eklesiastiko; Walang isa mang nabautismuhan sa titulong iyon ng "Ama, Anak, Espiritu Santo," o winisikan man; at ang mga tradisyonal na mga bagay na ito na nabibilang sa mga iglesia ng kapanahunang ito, mga kilusang antiCristo, larawan ng halimaw. Walang sinumang nabautismuhan sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo," hanggang sa pagdating ng iglesia Catolico. Ang buong Biblia at lahat ng kasaysayan, pagkatapos nito, ay nagsasabing sila ay nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus.

³²² Si Pablo ay nagsabi, sa mga taga-Galacia 8:1, "Maging isang Anghel man na mula sa Langit ang dumating at mangaral ng ano mang ibang ebanghelyo, siya ay masumpa." At inutusan Mo ang mga taong iyon na nabautismuhan na ni Juan, na siya ring nagbautismo kay Jesus, na lumapit at muling magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa mga Gawa 19. At sinabi niya, "Ni huwag hayaang ang isang Anghel ay magsabi sa inyo ng iba pa."

³²³ May darating na mensahero sa huling araw, na gagabay sa mga tao pabalik sa pangunahing bunga, pabalik sa orihinal na Pananampalataya. Itulot Mo ito, Panginoon, na ang dakilang Mensahero na ngayon ay nasa aming kalagitnaan, ang dakilang Cristo, ang Espiritu Santo na nagbigay-linaw, nagpaunawa, nagbukas ng Salita at nagpahayag Nito sa amin, ay gumabay nawa sa kanila pabalik sa orihinal na Pananampalatayang pentecostal. Katulad ng sinabi ni Pedro, nang Araw ng Pentecostes, “Magsisi, ang bawat isa sa inyo; at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng kasalanan.” At iyon ay magpakailan man, sa bawat tao, hanggang sa dumating ang iglesiang Romano sa Nicaea.

³²⁴ Diyos, mahabag Ka ngayon. Ang bautismuhan ay maihahanda; ang mga puso ay bukas. Manuluyan ka, Panginoong Jesus. Kami’y nasa huling mga oras na. Hangga’t maaari, Panginoon, na sila ay makapasok sa oras na ito; na, siyang inaasahan ko at nagitiwala akong mayroon pa. At kaming nakapasok na, Panginoon, mag-imbentaryo nawa kami ngayon, na makita namin at marinig ang Tinig ng Diyos na nangungusap sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, at nalalaman namin ang oras na kinabubuhayan namin. Itulot Mo ito, Ama. Ipinagkakatiwala namin sila sa Iyo, sa Pangalan ng Iyong Anak.

³²⁵ Ngayon habang tayo ay nakayuko.

Buong hinay at magiliw na tumatawag si Jesus,
Tumatawag sa iyo . . .



ANG PISTA NG MGA TRUMPETA TAG64-0719M
(The Feast Of The Trumpets)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Linggo ng umaga, Hulyo 19, 1964, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 1997 ng:

TAGALOG

©1997 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org